

Pag-Uugnay Ng Iba't Ibang Bahagi Ng Pananalita Ng Surigaonon-Cantilan Sa Pagbuo Ng Parirala At Pangungusap

ANNIE Y. SAMARCA, PhD

North Eastern Mindanao State University
Rosario, Tandag City, Surigao del Sur, Philippines,
ORCID Annie Y. Samarca
<https://orcid.org/0000-0001-8132-1719>
3anniesamarca@gmail.com

Abstrak — Naglalarawan at nagsusuri ang pag-aaral na ito sa mga gamit ng mga bahagi ng pananalita na nag-uugnay sa pagbuo ng mga pangungusap ng wikaing Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur. Nilapatan ito ng disenyong deskriptibong kwalitatibo. Nakuha ang mga datos mula sa panayam sa mga impormante na lehitimong mamamayan sa mga bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuz. Ginamit din ang ‘The Dialect of Cantilan’ ni Ong (2004) bilang pangalawang datos. Sinuri at inilalarawan ang bawat bahagi ng pananalita. Natukoy ang dalawang malawak na uri: ang pangnilalaman at pangkayarian. Nakapaloob sa pangnilalaman ang mga nominal, pandiwa at mga panuri. Itinuturing na pangkayarian ang mga bahaging pang-ugnay at ang mga pananda. Sa bahaging nominal, natukoy ang mga uri ng pangngalan ayon sa konsepto, kayarian, kasarian, katangian at kailanan. Gayundin ang iba’t ibang uri ng panghalip: ang panghalip panao, panghalip pamatlig at panghalip na pananong. Nalaman din sa pag-aaral ang mga pandiwa ng salitang Cantilangnun na nauri sa tatlong aspekto: ang perpektibo, imperpektibo, at kontemplatibo. Sa bahagi ng pang-uri, natukoy ang mga pang-uring pamilang dulot ng panlaping ikinakabit sa salita at ang pag-uulit nito. Natuklasan din ang mga pananda ng wikang Cantilangnun sa bahaging pangkayarian. Mayroon itong pangatnig at pang-angkop na ginagamit kahit ang salitang pinag-uugnay ay nagtatapos sa patinig o katinig. Batay sa isinagawang paglalarawan, lubhang mahalaga ang mga bahagi ng pananalita sa pagbuo ng mga pangungusap sa wikang Cantilangnun. Ang mga bahaging pangnilalaman ay ginagamit bilang simuno o panaguri ng pangungusap. Pinag-uugnay naman ito ng mga salitang pangkayarian upang lalong malinaw ang kaisipan nais ipahiwatig ng pangungusap.

Mga susing salita — *Bahagi Ng Pananalita, Pangnilalaman, Pangkayarian, Deskriptibong Kwalitatibo, Pilipinas*

I. Introduksyon

“No man is an island”, ika nga, kaya patuloy ang tao na nakikisalamuha sa iba para mabuhay. Upang patuloy na lumaganap ang kaalaman, kailangan ng taong magtaglay ng malikhaing pag-iisip. Ang pag-unlad ng tao ay dahil sa kanyang pakikipag-ugnayan sa kapwa gamit ang wikang alam niya. Ayon kay Rise (2016),

Ayon sa NAATI **Language Selection Policy**, ang wika ay sistema ng komunikasyon na ginagamit ng tao sa pakikipag-ugnayan. Ang depinisyong ito ay nagbibigay-diin sa panlipunang tungkulin ng wika at sa katotohanang ginagamit ng tao ang wika upang magpahayag at magamit ang mga bagay sa kanyang kapaligiran. May malaking tulong ang wika sa pakikipag-ugnayan ng mga tao sa lipunan. Anumang wika ay koleksyon ng mga simbolo na pinamamahalaan ng iba't ibang tuntunin at gamit sa pagpapahayag ng mensahe sa tao. Ayon nga sa pahayag ni Chomsky (1988:188), nakapagsasalita ang bawat tao ng iba't ibang barayti ng wika. Minsan tinatawag itong diyalekto, ngunit ang katotohanan, ito ay iba't ibang wika, at kahit papaano ay alam natin kung kailan gagamitin ang wika iyon. Isang wika sa isang lugar at ibang wika naman sa isa pang lugar. Naglalaman ang bawat wika ng iba-ibang modipikasyon.

Maiuugnay ang pananaw na ito sa pag-aaral ng wika sa pragmatik na pamamaraan, maging sa sosyo-lingguwistika at lingguwistika-antropolohiya. Ayon kay Todd (1987), ang wika ay isang set o kabuuan ng mga sagisag na ginagamit sa komunikasyong pasalita at pasulat. Marapat lamang na magkaroon ng wastong kabuuan ng mga sagisag ang isang pahayag upang magkaroon ng mabisang komunikasyon.


Mahalaga ang gampaning-papel ng wika sa buhay ng tao ngunit dahil lagi na itong ginagamit ng tao, hindi na gaanong naobserbahan ang tungkulin nito. Maging sa larangan ng edukasyon ay lubhang mahalaga ang paggamit ng wikang batid ng mga mag-aaral. Katunayan, ipanatupad ng Departamento ng Edukasyon ang MTB-MLE o **Mother tongue Based Multilingual Education** sa mula **Kindergarten** hanggang **Grade 3** ng kurikulum ng **K to 12**. Ito ang paggamit ng unang wika ng mga mag-aaral bilang isa sa mga asignaturang pag-aaralan nila at bilang midyum sa pagtuturo ng agham at matematika at iba pang asignatura maliban sa Ingles at Filipino.

Totoong natatangi ang wika ng isang pangkat ng mga tao sapagkat inuunawa at binibigyan ito ng kahulugan ng mga taong nabibilang sa isang pangkat o lugar. Ang bawat wika tulad ng wikang Cantilangnun ay mayroon ding sariling gramatika o balarila o sistema ng pag-uuganay ng mga salita, parirala, pangungusap o pahayag. Ayon sa estruktural na pananaw nina Resuma at Semorlan (2002), ang wika ay isang arbitraryong sistema ng mga anyong linggwistik. Pinagsasam-sama ang mga sangkap o aytem nito sa mga karaniwang paraan upang lumikha ng pangungusap. Dagdag pa ni Fries (1940), salita o **speech** ang wika at wika ang salita, at isa lamang sekundaryang representasyon ng wika ang pasulat na anyo nito.

Bahagi sa estruktura ng wika ang mga bahagi ng pananalita nito. Sa balarila, ang bahagi ng pananalita ay isang lingguwistikong kaurian ng mga salita na pangkalahatang binibigyan ng kahulugan sa pamamagitan ng sintaktiko at morpolohikong asal ng bahaging panleksikong tinutukoy. Ayon kay Lope K. Santos, may sampung bahagi ng pananalita, ang pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, pang-abay, pantukoy, pangatnig, pang-ukol, pang-angkop at pandamdandam. Sinimulan itong ituro sa mga paaralan sa Pilipinas noong 1940, panahon ng pamumuno ni dating Pang. Manuel L. Quezon. Ngunit dala ng sunod-sunod na pagbabago at

modernisasyon ng wika, marami mga aklat ang nalimbag na nagmumungkahi ng pagbabago sa matandang balarila. Ayon kay Santiago at Tiangco (1977), napapangkat sa ibang pamamaraan ang sampung bahagi ng pananalita. Mayroon na itong dalawang pangkalatahang, ang pangnilalaman at pangkayarian. Nakapaloob sa pangnilalaman ang mga nominal (pangngalan at panghalip), pandiwa, panuring (pang-uri at pang-abay). Nabibilang naman sa salitang pangkayarian ang mga pang-ugnay (pangatnig, pang-angkop at pang-ukol); at pananda (pantukoy at pangawing). Ayon sa kanila, hindi na isinama ang pandamdang o mga salitang nagsasaad ng matinding damdamin sapagkat ayon sa mga may-akda ng makabagong balarila, maaaring magamit bilang pandamdang ang kahit anong salita kung bibigkasin nang may matinding damdamin.

Nagpapatunay lamang ang mga pahayag na nabanggit na may gramatika at estruktura ang bawat wika. Kung gayon, taglay rin ito ng wikang Cantilangnun. Binibigyan ng tuon sa bahaging ito ang paglalarawan at pagsusuri sa gamit ng mga bahagi ng pananalita ng wikang Cantilangnun sa pag-uugnay ng mga pangungusap. Makikita sa ibaba ang iskima ng pag-aaral.



Figur 1. Iskimatikong Dayagram ng Pag-aaral sa Pag-uugnay ng iba't ibang bahagi ng pananalita sa pagbuo ng parirala at pangungusap

Ipinakikita sa figur ang iskima ng pag-aaral tungkol sa gamit ng mga bahagi ng pananalita sa pag-uugnay ng mga parirala at pangungusap ng wikang Cantilangnun. Tunay na hindi magiging maganda ang pamumuhay ng isang tao kapag nanatili siyang mag-isa. Kung gayon kailangan niyang makipag-ugnayan, at pangunahin niyang kakailanganin ang wika sa pakikipag-ugnayang ito. Tulad ng mga naninirahan sa mga bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza naginagamit ang wikang Cantilangnun sa kanilang pakikipag-unayan. Gumagamit sila ng mga pahayag sa kanilang pakikipag-interaksyon na ito binubuo ng mga bahagi ng pananalita upang maging tiyak at sapat ang diwa ng bawat pahayag. Ang wikang Cantilangnun ay isa sa mga wika sa Pilipinas dahil taglay nito ang katangian ng isang tunay na wika. Ang mga ito ay lubhang mahalaga sa pag-uugnay ng mga pangungusap sa wikang Cantilangnun.

II. Metodolohiya

Deskriptib-kwalitatib ang ginamit na pamamaraan sa pagtukoy ng gamit ng mga bahagi ng pananalita na nag-uugnay sa pagbuo ng mga pangungusap sa wikang Cantilangnun sa Surigao del Sur.

Isinagawa ang pag-aaral sa mga bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid at Lanuza (CarCanMadCarLan). Dalawang uri ng datos ang ginamit sa pag-aaral. Nakuha ang unang datos mula sa mga lehitimong impormante. Nakuha naman ang ikalawang datos mula sa mga akda ni Ong (2004) na naisulat sa wikang Cantilangnun.

Purposive sampling ang ginamit sa pagpili sa sampung impormanteng nagbigay ng sapat at malinaw na mga datos sa pag-aaral. Sila ay mga lehitimong mamamayan na nasa 60 taong gulang pataas ang paninirahan at pamumuhay sa mga nabanggit na bayan. Sila ay bihasa sa paggamit ng wikang Cantilangnun sa kanilang pakikipag-ugnayan.

Gabay na talatanungan sa pakikipanayam ang ginamit sa pagkuha ng mga datos na kinakailangan sa pag-aaral. Binubuo ng dalawang bahagi ang instrumentong ginamit sa pag-aaral upang matukoy ang mga bahagi ng pananalita sa wikang Cantilangnun at kung paano ito iniuugnay sa pagbuo ng pangungusap.

Upang higit na maipaliwanag ang datos, bago isinagawa ang pagsusuri't pag-aanalisa ay kinuha muna ang mga datos alinsunod sa mga mahahalagang hakbang sa pagkuha nito. Isinagawa ang deskriptibong pagsusuri gamit ang mga bahagi ng pananalita na pinag-uugnay upang makabuo ng pangungusap.

III. Paglalahat at Pagtalakay sa Resulta ng Pag-aaral

Lubhang mahalaga ang pagtukoy sa mga bahagi ng pananalita ng bawat wika upang lubos na maintindihan at mailarawan ang pagkabuo pati na ang pagpapalawak nito sa paggamit sa loob ng isang pangungusap (Biclat at Bacquiran, 1999). Sa katunayan, binubuo ng dalawang pangkalahatang uri ang mga bahagi ng pananalita: ang mga salitang pangnilalaman at mga salitang pangkayarian, gaya ng nabanggit sa mga morpemang may kahulugang pangkayarian. May kahulugan ang salitang pangnilalaman, samantalang kailangang makita sa isang kayarian o konteksto ang salitang pangkayarian upang maging makahulugan ito.

Gayunpaman, ang mga sangkap ng pangungusap na nagsasalo sa isang bigkis ng mga morposintaktikong katangian at nagkakamukha ang tungkuling pangbalangkas ay bumubuo ng isang kategoryang pangsinataktika. Tinatawag ang mga kategoryang ito na bahagi ng pananalita (Ceña, 2012).

Sa bahaging ito makikita ang mga bahagi ng pananalita sa wikang Cantilangnun at ang gamit nito sa pagbuo ng pangungusap.

Gamit ng Bahagi ng Pananalita na Nag-uugnay sa Pagbuo ng mga Pangungusap sa Wikaing Surigaonon-Cantilan

May dalawang uri ang bahagi ng pananalita, ang salitang pangnilalaman at mga salitang pangkayarian. Maaari itong paksa o panaguri sa iba't ibang uri at anyo ng pangungusap sa wikang Cantilangnun. Sa bahaging ito ipinapakita ang gamit ng pananalita na nag-uugnay sa pagbuo ng mga pangungusap. May sariling kahulugan ang mga salitang pangnilalaman, samantala, kailangang makita sa isang kayarian o konteksto ang salitang pangkayarian upang maging makahulugan ito.

1.1.Pangnilalaman

Ang pangnilalaman ay isang uri ng bahagi ng pananalita na binubuo ng mga nominal: pangngalan at panghalip, mga pandiwa at mga panuring na pang-uri at pang-abay.

a. Pangngalan

Ang wikang Cantilangnun bilang unang wika ng mga mamamayan sa CarCanMadCarLan ay nagtataglay rin ng mga pangngalan na bahagi ng pananalita. Sa bahaging ito, dalawang pananaw ang pinagbatayan sa pagbibigay ng katuturan ng pangngalan: ang katuturang batay sa kahulugang pansemantika na ginamit sa balarilang tradisyunal, at ang katuturang batay sa linggwistikang estruktural.

Sa pananaw na pansemantika, ang depinisyon ng isang bahagi ng panalita ay ibinabatay sa kahulugang ibinibigay nito. Halimbawa ang mga salitang Anatolio, Azucena, Anita, Canostoncia, *daro* 'araro', *sudlay* 'suklay', atbp., ay mga pangalan ng tao at bagay; ang mga salitang ito ay pangngalan. Ang mga salita namang *marajaw* (maganda) at *madabû* (marami) ay naglalarawan kaya tinatawag itong pang-uri. Samakatuwid, sa tradisyunal na balarila at kahulugang semantikal, tumutukoy ang pangngalan sa mga salitang sumisimbolo sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, pangayayri, katangian at kalagayan. Ang mga katawagang semantikal na ito ay tinataglay rin ng wikaing Surigaonon-Cantilan. Alinsunod sa makabagong paraan ng paglalarawan, ang anumang salitang maaaring isunod sa mga pananda ay isang pangngalan o dili kaya ay isang salitang gumaganap ng tungkulin ng pangngalan.

Ang mga patunay nito ay makikita sa susunod na talahanayan.

Talahanayan 1. Ang mga Pananda ng mga Pangngalan sa Wikang Cantilangnun

Kaukulan Pangngalan	ng				Pambalana				Tanging Ngalan ng Tao			
	Isahan		Maramihan		Isahan		Maramihan					
	Can.	Fil.	Can.	Fil.	Can.	Fil.	Can.	Fil.				
Palagyo	<i>an</i>	ang	<i>an mga</i>	ang mga	<i>si</i>	si	<i>sila</i>	sina				
Paari	<i>nan</i>	ng	<i>nan mga</i>	ng mga	<i>ni</i>	ni	<i>nila</i>	nila				
Palayon	<i>sa</i>	sa	<i>sa mga</i>	sa mga'	<i>kan</i>	kay	<i>dila</i>	dila				

May katutubong mga pananda rin ang wikaing Surigaonon-Cantilan na ginagamit sa pagtukoy ng pangngalan ayon sa kaukulan nito. Malinaw na inilalahad ang mga katutubong pananda sa wika sa talahanayan sa itaas. Tunay na naiiba ito sa wikang Filipino maliban lamang sa mga panandang *sa*, *sa mga*, *si* at *ni* na kapareho lamang sa wikang Filipino. Ang anumang salitang maaaring isunod sa mga panandang ito ay isang pangngalan o dili kaya ay isang salitang gumaganap ng tungkulin ng pangngalan.

Ipinahiwatig din na kapag pinag-uugnay ang mga pananda at mga pangngalan ay nabubuo ang isang parirala. Ang mga pariralang nabuo ng mga pananda at pangngalan ay ginagamit na bahagi sa pagbuo ng pangungusap sa wikang Cantilangnun na makikita sa mga sumusunod na mga pangungusap.

1. *Nahadlok an bata sa hangin.*

Natakot ang bata sa hangin.

2. *Pintada katuda an haja nan bata tungod sa kahadlok sa hangin.*

Sobrang malakas ang iyak ng bata dahil sa takot sa hangin.

3. *Ihatag ko ini pagkaon sa bata para mohunong paghaja.*

Ibigay ko itong pagkain sa bata para titigil sa pag-iyak.

4. *Nagtungha si Solet sa Saint Michael College.*

Nag-aral si Solet sa Saint tMC.

5. *Namalakpak an tanan mangitaay nan pagkanta ni Solet.*

Pumalakpak ang lahat ng nanood ng pag-awit ni Solet

6. *Nagkalipay an tanan kan Solet.*

Natuwa ang lahat kay Solet.

Lubhang malaki ang tungkulin ng mga pariralang nabuo ng mga pananda at pangngalan sa pagbuo ng mga pangungusap. Makikita sa una at ikaapat na halimbawa na ginagamit ang mga pariralang *an bata* at *si Solet* bilang paksa sa pangungusap. Magiging paksa lamang ang pariralang ito kung ang panandang ginamit ay ang *an* at *si*. Nasa bahaging panaguri naman ng pangungusap ang mga pariralang *nan bata* ng ikalawang pangungusap, *sa bata* ng ikatlong pangungusap, *ni Solet* ng ikalimang pangungusap at *kan Solet* ng ikaanim na pangungusap. Pinatunayan ng mga halimbawang ito na ang mga pangngalan na pinangungunahan ng mga panandang *nan*, *sa,ni*, at *kan* ay makikita sa bahaging panaguri ng pangungusap. Ang mga panandang nabanggit ay nasa kailanang isahan lamang.

May katumbas din sa anyong maramihan ang mga panandang isahang nabanggit. Ipinakikita rin ng talahanayan ang anyong maramihan ng *an/si* ay *an mga/sila*, ang maramihan ng *nan/ni* ay *nan mga/nila*; at ang maramihan ng *sa/kan* ay *sa mga/dila*. Kung ang mga pariralang isahan sa mga nabanggit na halimbawa ay ilalagay sa maramihan, ganito ang mga pariralang mabubuo:

<i>an mga bata</i>	<i>sila Solet</i>
<i>nan mga bata</i>	<i>nila Solet</i>
<i>sa mga bata</i>	<i>dila Solet</i>

Sa mga halimbawang ito, ipinapakita na hindi maaaring magkapalitan ang mga pananda sa wikang Cantilangnun. Malinaw nitong ipinakilala ang kaukulan ng pangngalan gayundin ang relasyon nito sa ibang bahagi ng pangungusap. Katunayan ang *an bata/ an mga bata* at *si Solet /sila Solet* ay parehong nasa kaukulang palagyo, kaukulang paari naman ang pangngalan na nasa *nan bata /nan mga bata* at *ni Solet/nila Solet*, at nasa kaukulang palayon ang *sa bata/sa mga bata* at *kan Solet/dila Solet*.

Kaukulan ng Pangngalan sa Wikang Cantilangnun

Ang kaukulan ng pangngalan ay tinatawag ding kakanyahan ng pangngalang nagpapakita ng gamit nito sa pangungusap. May iba't ibang gamit ang pangngalan sa loob ng pangungusap, at batay sa mga gamit na ito ay mauri ang kaukulan ng pangngalan sa tatlo: kaukulang palagyo, kaukulang paari at kaukulang palayon.

Sa mga pangungusap na nabanggit sa itaas, nasa kaukulang palagyo ang pangngalang *bata* na ginamit bilang paksa sa unang pangungusap na *Nahadlok an bata sa hangin*. Paari naman ang pangngalang *bata* na ipinakilala ng panandang *nan* sa pangungusap na *Pintada katuda an haja nan bata tungod sa kahadlok sa hangin* dahil ito'y tumutukoy sa pag-aari ng pangngalang *haja* 'iyak' na pinag-usapan sa pangungusap. Nasa kaukulang palayon naman ang pangngalang *Solet* na nasa

pangungusap na *Nagkalipay an tanan kan Solet* dahil ginagamit itong layon ng pandiwang *nagkalipay*.

Maliban sa mga kaukulang ipinahihwatig ng mga pananda, pinatutunayan din nito na ginagamit ang mga panandang *an mga, nan mga* at *sa mga* kapag ang tinutukoy nito ay pangngalang pambalana. Pangngalang pantangi naman ang tinutukoy ng mga panandang *sila, nila* at *dila*. Katunayan, ipinahihwatig din nito na hindi lamang ipinakilala ng mga pananda ang kaukulan ng pangngalan, kundi pati na rin ang klasipikasyong pansemantikal nito at kakanyahan.

Ayon sa klasipikasyong pansemantika, maaaring pantangi o pambalana ang mga pangngalan at maaari rin itong tahas o basal. Tumutukoy ang pangngalang pantangi sa tiyak o partikular na pangalan ng tao, bagay, hayop, pook at pangyayari. Sinisimulan ito ng malaking titik. Tulad ng nabanggit ng pangungusap na *Nagtungha si Solet sa SMC. Solet* ang pangngalang pantangi na nakapaloob sa pangungusap. Ito ay tiyak na pangngalan ng tao kaya nagsisimula ito sa malaking titik. Ipinakilala ito ng panandang *si*. Pangngalang pantangi rin ang SMC dahil ito ay tumutukoy sa tiyak na pangalan ng paaralan. Pinangungunahan ito ng panandang *sa*. Sa wikang Cantilangnun, ang panandang *sa* ay sinundan ng pangngalang maaaring pantangi at pambalana. Ang mga pangngalang pantangi na nabanggit ay nasa klasipikasyong tahas na di- palansak dahil tumutukoy ito sa mga bagay na isinasaalang-alang nang isa-isa.

Tumutukoy naman ang pangngalang pambalana sa pangkalahatang diwa. Sinisimulan ito sa maliit na titik maliban kung simula ito ng pangungusap. Sa pangungusap na *Nahadlok an bata sa hangin* ay ipinakikita ang pangngalang pambalana na *bata* na pinangungunahan ng panandang *an*. Ito ay tahas na di-palansak dahil tumutukoy rin ito sa mga bagay na isinasaalang-alang nang isa-isa.

Kaugnay nito, ang kakanyahan ng pangngalan sa wikang Cantilangnun ay nahahati sa dalawa, ang kailanan at kasarian.

Kailanan ng Pangngalan sa Wikang Cantilangnun

Nalalaman sa kailanan ng pangngalan kung ang pangngalan ay tumutukoy sa isa, dalawa, o higit pang tao, hayop, bagay, pook, o pangyayari. Sa wikang Cantilangnun, may mga pangngalang likas na isahan, dalawahan, o maramihan.

Halimbawa:

Isahan:	<i>lumon</i>	‘kamag-anak’
		‘kapatid’
Dalawahan:	<i>kaluha</i>	‘kambal’
Maramihan:	<i>panun</i>	‘pangkat’

Ang *lumon* ay katutubong salita ng wikang Cantilangnun na nangangahulugang ‘kamag-anak’. Maaari itong magagawang dalawahan o maramihan sa pamamagitan ng paggamit ng pantukoy, pang-uring pamilang at paglalapi gaya ng mga sumusunod na pangungusap:

1. *Moabut an lumon ko silom.*

Darating ang kamag-anak ko bukas.

2. *Sila an mga lumon ko na nagtabang sa amo.*

Sila ang mga kamag-anak na tumulong sa amin.

3. *An isa ka lumon ko an jadto sa gawas, an duha ini ra sa Cantilan.*

Ang isa kong kapatid ay nasa abroad, ang dalawa ay nandito lang sa Cantilan.

4. *Lumon ko isab si Allan Hotskiss*

Kamag-anak ko rin si Allan Hotskiss.

5. *Maglumon paman baja ta sa Yparraguire.*

Magkamag-anak pala tayo sa Yparraguirre.

6. *Magtipun-tipon man kuno kuman Hulyo an mga kalumunan sa Correos.*

Magsama-sama man daw ngayong Hulyo ang mga magkakamag-anak sa Correos.

Binubuo ng mga magkakaugnay na bahagi ng pananalita ang mga pangungusap na nailahad. Isa na rito ang pangngalan na nagsasaad ng kailanan. Sa unang dalawang pangungusap makikita ulit ang mga pananda sa unahan ng pangngalan *lumon*. Ipinapakita nito ang kailanan ng pangngalan. Nasa kailanang isahan ang pangngalan sa unang pangungusap dahil sa pantukoy na *an*. Maramihan naman ang nasa ikalawang pangungusap dahil sa pantukoy na ginamit, ang *an mga*.

Madaling ipinakilala ang kailanan ng pangngalan sa ikatlong pangungusap dahil sa mga pang-uring pamilang. Madaling matiyak kung ito ay isahan, dalawahan at maramihan dahil sa mga bilang na sinusundan ng pangngalan. Samantala, nakaimpluwensya ang mga panlapi naman sa salitang *lumon* upang magkaroon ito ng kailanan. Isahan ito kapag nanatiling payak ang salita ngunit kapag inuunlapan ito ng [mag-] ay nagpapahiwatig na dalawang pangngalan ang tinutukoy. Maramihan naman ang kailanan kapag kabilaan ang anyo ng panlapi sa salita tulad ng *kalumunan* na mayroong panlaping [ka-] at [-an].

Malinaw ring ipinakita na totoong may mga katutubong salitang pangngalan ang wikang Cantilangnun na nagpapakita ng kailanan dulot ng mga pantukoy, pang-uring pamilang at maging ng mga panlapi.

b. Panghalip

Totoong tinataglay rin ng wikaing Cantilangnon ang bahaging panghalip ng pananalita. sa pananaw na pansementika ay tumutukoy sa salita o katagang panghalili sa pangalan. Tulad ng pangungusap na *Si Necolasa an ina ni Dandang* ‘Si Necolasa ang ina ni Dandang’ ay maaaring papalitan ng panlaping *sija* ‘siya’ ang pangalang Necolasa. Ganito ang magiging pangungusap: *Sija an ina ni Dandang* ‘Siya ang ina ni Dandang’.

Sa estruktural na paraan naman, ang mga panghalip ay makikilala dahil sa impleksyon o pagbabagong-anyo ayon sa kaukulan. Batay sa mga kaukulan ng pangngalan, ang mga panghalip ng wikang Cantilangnon ay mayroon ding mga kaukulan. Ang panghalip ay maaaring ihalili sa pariralang pangngalang pinangungunahan ng *an* o *si* ay sinasabing nasa kaukulang palagyo. Gaya ng pangungusap na *An matinabangon na bata kay may marajaw na kapalaran*. ‘Ang batang matulungin ay magkaroon ng mabuting kapalaran.’ Ang pariralang pangngalang *An matinabangon na bata* ay maaaring palitan ng panghalip na *sija*. Nasa kaukulang *an* ang pariralang pangngalan, kaya’t ang panghalip na *sija* ay nasa kaukulang *an* din.

Bukod sa pagkakaroon ng kaukulan ng panghalip ay mayroon din apat na mga uri ang wikang Cantilangnon: panghalip na panao, panghalip na pamatlig, panghalip na panaklaw at panghalip na pananong. Ang panghalip na panao ay panghalili sa ngalan ng tao. Ito ay ginagamit din sa pagbuo ng pangungusap. Tulad ng pangungusap na

Si mam Senen an pinakabata na maestra sa una sa CANSAT. ‘Si mam Senen ang pinakabata na guro noon sa CANSAT.’

Sa pangungusap na ito ay maaaring papalitan ng panghalip ang *Si mam Senen*, kaya’t ang pangungusap ay magiging *Sija an pinakabata na maestra sa una sa CANSAT*. ‘Siya ang pinakabata na guro noon sa CANSAT.’ o kaya’y,

Pinakabata sija na maestra sa una sa CANSAT. ‘Pinakabata siya na guro noon sa CANSAT.’ Mapapansin sa halimpawa ang lugar ng *sija* sa huling pangungusap, ito ay nasa bahaging panaguri ng pangungusap. Ipinahiwatig nito na ang panghalip panao ay ginagamit sa pagbuo ng pangungusap at ito’y maaaring simuno o panaguri.

Ang mga panghalip na panao sa wikaing Cantilangnon ay mapapangkat sa tatlong anyo, ang panghalip panao na paukol, panghalip panao na paari at panghalip panao na palayon.

Inihahalili ang panghalip na panao sa pangalan ng tao. May panauhan din ito. Malalaman sa pamamagitan ng panauhan kung ang panghalip ay tumutukoy sa taong nagsasalita (unang panauhan), sa taong kinakausap (ikalawang panauhan) o sa taong pinag-uusapan (ikatlong panauhan). Ito ay nagtataglay rin ng kailanan kung ito ay isahan, dalawahan at maramihan. Matutunghayan sa susunod na talahanayan ang panauhan kailanan at kaukulan ng mga panghalip panao sa wikaing Cantilangnon. Naisulat nang pahilig ang mga katutubong panghalip ng wikaing Cantilangnon at nakakulong naman sa panaklong ang ma katumbas nito sa wikang Filipino

Talahanayan 2. Ang mga Panghalip Panao ng Wikang Cantilangnon

		KAUKULAN								
		Palagyo			Paukol			Paari		
P A N A U H A N	KAILANAN * →	1	2	n	1	2	n	1	2	n
		Una	<i>ak, ako</i> (ako)	<i>kita</i> (kita)	<i>kami</i> (kami) <i>kita</i> (kita)	<i>ko</i> (ko)	<i>nat</i> , <i>nato</i> (natin)	<i>nam,</i> <i>namo</i> (namin)	<i>ak,ako</i> (akin)	<i>at, ato</i> (atin)
	ikalawa	<i>kaw,</i> <i>ikaw</i> (ikaw)	<i>kamo</i> (kayo)	<i>kamo</i> (kayo)	<i>nim,</i> <i>nimo</i> (mo)	<i>nijo</i> (ninyo)	<i>nijo</i> (ninyo)	<i>im/ imo</i> (iyo)	<i>ijo</i> (inyo)	<i>ijo</i> (inyo)
	ikatlo	<i>sija</i> (siya)	<i>sila</i> (sila)	<i>sila</i> (sila)	<i>nija</i> (niya)	<i>nila</i> (nila)	<i>nila</i> (nila)	<i>ija</i> (kanya)	<i>ila</i> (kanila)	<i>ila</i> (kanila)

* 1- isahan, 2- dalawahan at n- aramihan

Ipinapakita sa talahanayan sa itaas ang mga panghalip na panao ayon sa kaukulan, kailanan at panauhan nito. Ang mga ito ay ginagamit sa pagbuo ng pangungusap. Makikita sa kasunod na pangungusap ang gamit ng panghalip panao sa pagbuo ng pangungusap sa wikang Cantilangnon.

Ako si Nocolasa Intano Crispo. Tiguyang naman ak naminjo.

Ako si Nocolasa Intano Crispo. Maganda na ako nag-asawa.

Dalawang payak na pangungusap ang inilahad sa itaas. Sa unang pangungusap, nauuna ang panaguri na panghalip panao na *ako* ‘ako’ at kasunod nito ang simuno na tiyak na pangalan ng tao na *Nocolasa Intano Crispo*. Sa ikalawang pangungusap naman nauuna ang panaguring *tiguyang* ‘matanda’ sa simuno na panlaping panao na *ak* ‘ako’. Pinatunayan ng mga pangungusap sa itaas na ang panghalip na panao ay maaaring iniugnay sa simuno o panaguri. Parehong nasa kaulugang palagyo, kailanang isahan at unang panauhan ang mga panghalip panao na nabanggit ngunit mapapansin ang pagkakaltas ng ponemang /o/ sa panghalip na nasa ikalawang pangungusap. Ipinahiwatig nito na ginagamit ang panghalip na *ako* kapag ito ang ulo ng pangungusap at sinundan ito ng pantukoy na *si*. Samantala, nagiging *ak* kung ang kasunod na salita nito ay nagsisimula sa ponemang /n/. Ang sunod na pangungusap ay nagpapakita ng iba pang panghalip panao na ginagamit sa pangungusap.

Diin kaw gikan mam?

Saan ka galing mam?

Makikita sa bahaging simuno ng pangungusap ang panghalip na *kaw*. Ito ay nasa kaukulang palagyo, ikalawang panauhan at isahan ang kailanan nito. Ang panghalip na *kaw* ay mula sa panghalip panao na *ikaw*, nagkaroon ng pagkakaltas ng ponemang /i/ sa *ikaw* kung ang sinundang salita ay nagtatapos sa ponemang /n/ kaya't ito ay nagiging *kaw*. Ang sunod na pangungusap ay nagpapakita ng iba pang halimbawa ng panghalip na panao na ginagamit sa pagpapahayag.

Huyatan anay nato sila kay magdungan ta pangadto sa baybay.

Hintayin muna natin sila para magakasabay tayo pagpunta sa baybayin.

Ang pangungusap na nabanggit ay nasa kayarian hugnayan dahil binubuo ito ng sugnay na makapag-iisa *Huyatan anay nato sila* at sugnay na di makapag-iisa *kay magdungan ta pangadto sa baybay*. Sa sugnay na makapag-iisa, ang panghalip na *sila* ay simuno nito at nakapaloob naman sa panaguri ang panghalip na *nato*. Palagyo ang kaukulan ng panghalip na *sila* at ito ay nasa ikatlong panauhan at kailanang maramihan. Ang panghalip na *nato* 'natin' naman ay nasa kaukulang paukol na nasa unang panauhan at maramihang kailanan. Ginagamit rin ang panghalip na *ta* 'kita' sa bahaging sugnay na di makapag-iisa ng pangungusap. Palagyo ang kaukulan nito, unang panauhan at maramihang kailanan. Ang panghalip na *ta* ay ang pinaikling panghalip panao na *kita*. Mapapansin ang pagkakaltas ng unang pantig ng panghalip dahil ang sinundang salita nito ay nagtatapos sa ponemang /n/. Nasa kailanang dalawahan naman ang panghalip na ito. Ang kasunod na pangungusap naman ay nagpapakita ng iba pang panghalip na panao na ginagamit sa pagbuo ng pangungusap sa wikang Cantilangnun.

Kita tanan an mangadto sa dagat peru kamo duha dili mangaligo.

Tayong lahat ang pupunta sa dagat peru kayong dalawa hindi maliligo.

Hugnayang ang kayarian ng pangungusap na nasa itaas. Ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng panghalip. Sa bahaging sugnay na makapag-iisa *Kita tanan an mangadto sa dagat* ay ginagamit ang panghalip na *kita* bilang panaguri. Ang kaukulan nito ay palagyo, kailanang maramihan at nasa unang panauhan. Sa bahaging sugnay na di makapag-iisa naman na *peru kamo duha dili mangaligo* ay mapapansin na ang panghalip na panao ang pinag-uusapan. Ito ay nasa kaukulang palagyo, ikalawang panauhan at kailanang dalawahan dahil sa kasunod nitong pamilang na *duha* 'dalawa'. Ang sunod na pangungusap ay nagpapakita ng iba pang panghalip na panao na ginagamit sa pagbuo ng pangungusap sa wikang Cantilangnun.

Tagbaligja na baja nijo an ijo bayay?

Ibininta na pala ninyo ang inyong bahay?

Payak ang pangungusap na pananong na ipinapakita sa itaas. Mapapansin ang panghalip na *nijo* ‘ninyo’ sa bahaging panaguri at panghalip na *ijo* ‘inyo’ ang makikita sa bahaging simuno. Ang panghalip na *nijo* ay nasa kaukulang paukol, kailanang maramihan at ikatlong panauhan. Ito ay hindi pweding gamitin sa unahan ng pahayag. Ito ay ginagamit kasunod sa mga ingklitik tulad ng makikita sa pangungusap na kasunod ito sa ingklitik na *baja*. Ang panghalip na *ijo* ay nasa kaukulang paari, ikalawang panauhan at maaaring nasa kailanang dalawahan at maramihan. Kapag ito ay nasa kailanang dalawahan ay sinusundan ito ng salitang pamilang na dalawa. Ito ay maaaring makikita sa unahan, gitna at hulihan ng pangungusap. Ang panghalip na ito ay maaaring susundan ng pangangalan tulad ng nasa pangungusap, sinusundan ito ng salitang *bayay*. Maaari rin itong susundan ng ingklitik, panghalip pamatlig at pandiwa. Ang sunod na pangungusap naman ay nagpapakita ng iba pang panghalip panao na ginagamit sa pagbuo ng pangungusap sa wikang Cantilangnun.

An ak bata amoy ija maestra kuman.

Ang aking anak ang kanyang guro ngayon.

Ang paturol na pangungusap sa itaas ay nasa kayariang payak. Dalawang panghalip na panao ang nakapaloob sa pangungusap. Ang panghalip na *ak* ‘akin’ ay nasa kaukulang paari, unang panauhan at kailanang isahan. Malinaw na nagsasaad ng kaukulang paari ang panghalip dahil nagpapahayag ito ng pagmamay-ari sa pangngalang pambalana na *bata* ‘anak’. Nasa kaukulang paari naman ang panghalip na *ija* ‘kanya’, ito ay nasa kailanang isahan at ikatlong panauhan. Ang mga panghalip na nabanggit ay maaaring magagamit bilang simuno at panaguri sa pangungusap. Ibang panghalip naman ang ginagamit sa susunod na pangungusap.

Taghatag na namo sa imo an im kabahinan.

Binigay na naming sa iyo ang iyong mana.

Payak ang kayarian ng paturol na pangungusap sa itaas. Ito ay mayroong tatlong panghalip panao. Ang panghalip na *namo* ‘naming’ ay nasa kaukulang paukol, unang panauhan at maramihan ang kailanan. Ginagamit ito kasunod sa pang-angkop na *na* tulad ng nasa itaas na pangungusap. Maaari rin itong gamitin kasunod sa salitang pandiwa. Ang panghalip naman na *imo* at *im* ay parehong nasa kaukulang paari, ikalawang panauhan at kailanang isahan. Ang panghalip na *imo* ay maaaring gamiting bilang simuno at panaguri sa pangungusap samantala ang panghalip na *im* magiging bahagi sa panaguri ng pangungusap. Gayunpaman, ginagamit ang panghalip na ito kapag ang kasunod na salita ay ingklitik, pangngalan, panghalip pamatlig at pandiwa. Ang sunod na pangungusap ay nagpapakita naman ng iba pang panghalip panao na ginagamit sa pagbuo ng pangungusap sa wikang Cantilangnun.

Tagbaligja na nila sa ato an ila tanuman.

Ibininta na nila sa atin ang kanilang taniman.

Ang paturol na pangungusap sa itaas ay nasa kayariang payak dahil nagtataglay ito ng iisang kaisipan. Mayroong tatlong panghalip panao na ginagamit sa pangungusap. Ito ay ang panghalip na *nila*, *ato* at *ila*. Ang panghalip na *nila* ay nasa kaukulang palagyo, ikatlong panauhan at kailanang maramihan. Samantala, ang panghalip na *ato* at *ila* ay parehong nasa kaukulang paari ngunit magkaiba sa panauhan at kailanan dahil ang *ato* ay nasa unang panauhan at kailanang maramihan, at ang *ila* ay nasa kailanang maramihan at ikatlong panauhan. Ang panghalip na *nila* ay hindi pweding gamitin bilang ulo ng pangungusap, bagkus ay ginagamit ito bilang kasunod sa pang-angkop na ‘na’ o kasunod sa salitang pandiwa, pangngalan at panghalip. Gayunpaman, ang panghalip na *ato* at *ila* ay maaaring gamitin bilang simuno o panaguri ng pangungusap. Nagpapakita naman ang sunod na pangungusap ng iba pang panghalip na panao

Sa una, pamunajan gajud kami nan am maestra kun dili

kami makabasa, usa man hadlok kami permi.

Noon, pinarusahan talaga kami ng aming guro kapag hindi

kami nakabasa, kaya takot kami lagi.

Ang pangungusap na nabanggit ay nasa kayariang langkapan. Binubuo ito ng isang sugnay na makapag-iisa na *Sa una, pamunajan gajud kami nan am maestra* dahil ito ay mayroong kaisipan, at dalawang sugnay na hindi makapag-iisa, ang sugnay na *kun dili kami makabasa* at *usa man hadlok kami permi* dahil ito ay may paksa at panaguri ngunit nananatili pa ring bahagi ng pangungusap. Sa sugnay na makapag-iisa ay mapapansin ang gamit ng panghalip na *kami* na siyang pinag-uusapan sa pahayag, gayundin ang panghalip na *am* na ginagamit sa bahaging sugnay na makapag-iisa na nagsasabi hinggil sa pinag-uusapan. Ang *kami* at *am* ay mga panghalip na panao dahil humahalili ito sa pangalan ng tao. Nasa kaukulang palagyo, maramihan ang kailanan at nasa unang panauhan ang panghalip na *kami* at nasa kaukulang paari naman ang panghalip na *am*, unang panauhan at maramihan ang kailanan. Mapapansin na magkapareho ang ibig sabihin ng panlaping *kami* sa wikang Cantilangnun at wikang Filipino. Ngunit hindi lamang ang dalawang nabanggit na panghalip na panao ang mapapansin na iniuugnay sa pagbuo ng pangungusap sa wikang Cantilangnun, gayundin ang mga panghalip panao na makikita sa susunod na pangungusap.

Nagpalit ako nan am sud-an kay paniudtuhun.

Bumuli ako ng aming ulam para sa pananghalian.

Hugnayan ang kayarian ng pangungusap sa itaas dahil ito ay binubuo ng isang sugnay na makapag-iisa at sugnay na di-makapag-iisa. Ang sugnay na makapag-iisa *Nagpalit ako nan am sud-an* ay nagsasaad ng buong kaisipan ngunit nanatili itong bahagi ng pangungusap. Sugnay na hindi makapag-iisa naman ang *kay para paniudtuhun*. Ito ay nasa karaniwang ayos dahil nauuna sa simuno ang panaguri na *nagpalit* na nasa aspektong pangnagdaan ng pandiwa. Sa bahaging sugnay

na makapag-iisa sa pangungusap ay nakapaloob ang dalawang panghalip na panao, ang panghalip na *ako* na naging paksa at ang *am* na bahagi ng panaguri sa sugnay na makapag-iisa na nasa pangungusap. Ang panghalip na *ako* ay nasa kaukulang palagyo, kailanang isahan at nasa unang panauhan. Nasa kaukulang paari naman ang panghalip na *am*, unang panauhan at maramihan ang kailanan. Ang pangungusap na ito ay isang paturol dahil ito ay nagsasalaysay lamang at nagtatapos ng tuldok. Ipinahiwatig ng pangungusap na ito na ang panghalip ay maaaring maging simuno at panaguri ng pangungusap. Tunay na hindi maikakaila ang pagkakaltas ng ponema maging sa mga panghalip na panao, tulad na panghalip panao na *ako* sa wikang Filipino ay nagiging *ak* sa wikang Cantilangnun, at panghalip panao na amin sa wikang Filipino ay nagiging *am* sa wikang Cantilangnun. Malaki ang tungkulin ng panghalip na panao sa mga pagpapahayag sa wikang Cantilangnun dahil malinaw na inilalahad na may mga pangungusap na ginamitan ng higit sa isang panghalip.

Amo man gajud bayay jadtó ila taghuy-an sa una.

Amin talagang bahay iyong tinirhan nila noon.

Ipinapakita sa pangungusap na ang mga salita ay pinag-uugnay upang magkaroon ng diwa ang pahayag. Sa pangungusap na ito, mapapansin ang panghalip panao na *amo* sa bahaging panaguri nito. Ginagamit ang panghalip na ito kapag ang kasunod na salita ay ingklitik. Ito ay nasa kaukulang paari, unang panauhan at kailanang isahan. Sa bahaging simuno naman ng pangungusap ay ipinapakita ang kahalagahan ng panghalip panao na *ila*. Ang panghalip na ito ay nasa kaukulang paari, ikatlong panauhan at kailanang maramihan.

Ipinapakita sa mga nabanggit na mga pangungusap ang kahalagahan ng panghalip panao na iniuugnay sa pagbuo ng pangungusap sa wikang Cantilangnun. Ang mga panghalip na ito ay maaaring makikita sa simuno at panaguri ng pangungusap. Ang mga pangungusap na kinapapalooban nito ay maaaring payak, tambalan, hugnayan at langkapan. Taglay nito ang katangiang kaukulan, panauhan at kailanan.

Taglay rin ng wikaing Cantilangnon ang mahalagang gamit ng panghalip na pamatlig sa pagtuturo ng tao, bagay, hayop, lunan o pangyayari. Sa pamamagitan ng panghalip na ginamit, malalaman ang layo o lapit ng bagay na itinuturo. Tulad ng panghalip na panao, nahahati rin tío sa tatlong anyo: pamatlig sa anyong ang, pamatlig sa anyong ng, at pamatlig sa anyong sa. Ito ay makikita sa susunod na talahanayan.

Talahanayan 3. Ang mga Panghalip Pamatlig ng Wikang Cantilangnun

Mga Panghalip na Pamatlig		
	Anyong ang	Angyong sa
Malapit sa nagsasalita	ini, jari	dinhi, diri
Malapit sa kausap	iton, adun, jaun	diton
Malayo sa nag-uusap	adto	jadto, didto

Inilalahad sa talahanayan ang mga panghalip na pamatlig sa wikang Cantilangnun. Ginagamit ito sa pagpapahayag tulad ng kasunod na pangungusap.

a. *Ini ra maghuya sa bayay an tuyo ko ka bata.*

Dito lang nakatira sa bahay ang tatlo kong mga anak.

b. *Jari an ak bajad sa ak otang.*

Ito ang bayad ko sa aking otang.

c. *Jadto na sila naghuya kuman sa Texas kay waya makabalor dinhi.*

Doon na sila nakatira ngayon sa Texas dahil hindi sila nakagusto dito.

d. *Mouli rakan kaw diri kay naglisod man kaw kaha diton.*

Umuwi ka na lang dito kung naghihirap ka diyan.

e. *Uman iton na mga pangutana mam? Makatubag ak kaha nan adun?*

Ano iyon na mga tanong mam? Makasagot kaya ako niyan?

f. *An jadto didto kay amoy Zone 1.*

Iyong nandoon ang Zone 1.

Nagpapatunay ang mga nabanggit na pangungusap sa itaas na may mga panghalip na pamatlig ang wikang Cantilangnun na ginagamit sa loob ng mga pangungusap. Nagpapahayag ito ng agwat, layo o distansya ng mga tao o bagay sa nagsasalita o kinakausap.

Nagpapakita ang unang pangungusap sa itaas ay nagpapakita ng panghalip na pamatlig na *ini* ‘dito’. Ipinahihiwatig ng panghalip na ito na malapit ang pinag-uusapang *bata* ‘anak’ sa nagsasalita. Mapapansin din na ang panghalip ay ang ulo ng panaguri sa pangungusap kaya’t masasabing panghalip na parirala ang panaguri ng pangungusap. Malapit din ang tinutukoy ng nagsasalita sa panghalip na *jari* ‘dito’ sa panaguri ng ikalawang pangungusap. Malayo naman ang

tinutukoy ng nagsasalita sa panghalip na *jadto* na nasa ikatlong pangungusap, ngunit baka malapit naman sa nagsasalita ang tinutukoy ng panghalip na *dinhi* ‘dito’. Malapit sa kausap ang tinutukoy ng panghalip na *iton* ‘iyan’ sa ikalimang pangungusap. Malayo naman sa nag-uusap ang tinutukoy ng panghalip na *jadto dito* ‘iyong nandoon’ na nasa ikaanim na pangungusap. Sa pangungusap ding ito, mapapansin na ang panghalip ay ang simuno ng pangungusap.

Sa bahaging ito, lubos na pinatunayan ng mga pangungusap na may mahahalagang papel ang mga panghalip na pamatlig ng wikang Cantilangnun sa pagbuo ng pangungusap sa wikang Cantilangnun. Malinaw na ipinapakita nito ang layo ng pinag-uusapan. Maaaring makikita sa simuno o panaguri ng pangungusap.

Bukod sa mga nabanggit na panghalip pamatlig, mayroon ding mga katutubong panghalip na pananong ang wikang Cantilangnun. Ginagamit ang mga ito sa pagtatanong tungkol sa tao, bagay, hayop, pook, gawain, katangian, panahon, at pangyayari. Matutunghayan ang mga panghalip sa wikang Cantilangnun sa susunod na talahanayan.

Talahanayan 4. Ang mga Panghalip Pananong ng Wikang Cantilangnun

Mga Panghalip Pananong ng Wikang Cantilangnun	
Wikang Cantilangnun	Wikang Filipino
sin-o, simay	sino
uno/unoy, umay	ano
uman	bakit
hain, diin	saan
unhon	paano
kagan-o	kalian
tagpila	magkano

- a. Unoy gani imo ngayan mam?
Ano nga ang iyong pangalan, mam?
- b. Uno baja ija tagalong sa im?
Ano pala ang sinabi niya sa iyo?
- c. Umay ijo tujo baja?
Ano pala ang iyong pakay?

Ipinakikita sa tatlong pangungusap na patanong ang gamit ng tatlong barayti ng panghalip na pananong sa wikang Cantilangnun, ang *unoy*, *uno* at *umay* na may parehong katumbas sa wikang Filipino na ‘ano’. Mapapansin na ginagamit ang panghalip na pananong na *unoy* at *uno* kapag ang kasunod nito ay pang-abay na ingklitik tulad ng nasa pangungusap na sinundan ng ingklitik na *gani* (nga) ang panghalip pananong na *unoy* at ingklitik na *baja* (pala) ang kasunod sa *uno*. Samantalang ginagamit ang panghalip pananong na *uman* (ano) kapag ang kasunod na salita ay pangngalan, panghalip panao, pandiwa at pang-uri. Makikita din sa susunod na pangungusap ang tatlong panghalip pananong sa wikang Cantilangnun na katumbas sa panghalip pananong na ‘sino’ sa wikang Filipino.

- a. *Sin-o may kaiban mo kuman sa ijo bayay?*

Sino ang kasama mo ngayon sa bahay ninyo?

- b. *Simay baja ija iban kuman sa ila bayay?*

Sino pala ang kasama ngayon sa kanilang bahay?

- c. *Siman na bata ni Jaime ang naka-abroad?*

Sino ang anak ni Jaime na naka-abroad?

Ipinakikita sa mga pangungusap ang iba’t ibang panghalip pananong sa wikang Cantilangnun na may iisang katumbas sa wikang Filipino. Ang mga panghalip pananong na *sin-o*, *simay* at *siman* ay iisang panghalip panao lamang ang katumbas sa wikang Filipino, ito ang ‘sino’. Ginagamit lamang ang pananong na *sin-o* at *siman* kung pantukoy ang kasunod nito samantalang ginagamit ang *simay* kapag ingklitik ang kasunod na salita. Ang sunod na pangungusap na pananong ay ginagamitan din ng panghalip pananong.

- a. *Uman permi man di pan ini bajeha?*

Bakit palaging may tinapay ang babaing ito?

- b. *Mosugot kaw na sugdan an mina sa Madrid? Kay uman?*

Papayag ka ba na umpisahan ang pagmimina sa Madrid? Bakit?

Mapapansin sa mga pangungusap sa naunang pahina ang dalawang baryasyon ng panghalip pananong na *uman* at *kay-uman* na may iisang katumbas sa wikang Filipino na ‘bakit’. Mapapansin na ang pananong na *uman* ay ginagamit sa unahan ng pangungusap, samantalang ginagamit ang *kay-uman* bilang kasunod na tanong kapag nangangailangan ang pangungusap ng sapat na paliwanag o kasagutan. Taglay ng wikang Cantilangnun ang kayamanan sa panghalip na pananong dahil mayroon itong iba’t ibang baryasyon na may iisang katumbas lamang sa wikang Filipino. Nagpapakita ang susunod na pangungusap ng iba pang panghalip na pananong.

- a. *Hain baja kaw singud?*
Saan ka pala pupunta?
- b. *Haman kaw singud?*
Saan ka pupunta?
- c. *Diin kaw gikan?*
Saan ka galing?

Nabanggit sa mga pangungusap sa itaas na maytatlong baryasyon ng panghalip pananong sa wikang Cantilangnun na iisa ang katumbas sa wikang Filipino, ito ay ang ‘saan’. Ginagamit ang pananong na *hain* kapag ang kasunod nito ay ingklitik tulad ng unang pangungusap na sinundan ng ingklitik na *baja* (pala). Panghalip pananong na *haman* naman ang ginamit kapag panghalip na panao at pamatlig ang kasunod nito. Mapapansin din na ang pananong na *haman* ay isang asimilasyon ng *hain man*. Malinaw rin na ipinakikita ang gamit ng panghalip pananong na *hain* at *haman* na ginagamit ito kapag tinatanong ang patutunguhan ng kilos at kinalalagyan ng tao o bagay. Samantala, ginagamit ang panghalip pananong na *diin* kapag tinatanong ang pinanggalingan ng kilos at kinaroroonan ng bagay. Nagpapakita ang sunod na pangungusap ng iba pang panghalip pananong sa wikang Cantilangnun.

- a. *Unhon pagbalik sa karajaw nan kinaiyahan sa Carrascal?*
Paano maibalik ang kagandahan ng kalikasan sa Carrascal?
- b. *Unhon man paghilingkawas sa kalisod nan mga tao kun wayay pangita.*
Paano makakaahon sa kahirapan ang mga tao kung walang hanapbuhay.

Ipinakikita sa pangungusap ang gamit ng panghalip pananong sa wikang Cantilangnun na *unhon* na katumbas sa ‘paano’ ng wikang Filipino. Ginagamit ang pananong na ito kapag nangangailangan ng malinaw na paliwanag o kasagutan ang tanong. Mapapansin din sa mga halimbawa na nabanggit na walang ibang baryasyon ang panghalip pananong na paano sa wikang Cantilangnun. Hindi ito naimpluwensyahan ng kasunod na salita kaya’t hindi ito nagkaroon ng pagbabago. Nagpapakita naman ang sunod na pangungusap ng panghalip pananong para sa panahon.

a. Kagan-o raman kaw baja min-abot dinhi sa Cantilan?

Kailan ka pala dumating dito sa Cantilan?

b. Kinun-o man kaw balik paglarga sa Maynila?

Kailan ka babalik sa Maynila?

c. Kagan-o raman kaw baja nangutang dija?

Kailan ka pala nangutang sa kanya?

d. Kinun-o man kaw sab magbajad?

Kailan ka magbabayad?

Dalawang baryasyon ng panghalip pananong para sa panahon ang ipinapakita sa mga pangungusap sa itaas, ang pananong na *kagan-o* at *kinun-o* na parehong nangangahulugan sa wikang Filipino na 'kailan'. Ang pananong na *kagan-o* sa unang pangungusap ay ginagamit para sa panahon ng pagdating sa lugar na kinaroroonan. Samantala, ang pananong na *kinun-o* sa ikalawang pangungusap ay pananong na ginagamit para sa panahon ng pag-alis patungo sa pupuntahan. Ipinapakita naman sa ikatlong pangungusap na ang pananong na *kagan-o* ay ginagamit kapag tapos na ginawa ang kilos, ngunit sa ikaapat na pangungusap ay ginamit ang pananong na *kinun-o* kung gagawin pa lamang ang kilos. Malinaw na ipinapakita ang kaibahan ng panghalip pananong sa wikang Cantilangnun na para sa panahon. Ang *kagan-o* ay para sa naganap ng pangyayari at ang *kinun-o* ay para sa gaganapin pang pangyayari. Nagpapakita ang sunod na pangungusap ng panghalip pananong para sa halaga.

a. Tagpila an kilo nan bugas?

Magkano ang kilo ng bigas?

b. Pilay palit mo isab nan im netbuk kuman?

Magkano bili mo ng netbuk mo ngayon?

c. Pila an palit mo sa lupa na tagbayajan nijo?

Magkano ang bili mo sa lupa na pinagbahayan ninyo?

Ang pangungusap na nasa itaas ay patanong dahil nagsisimula ito sa panghalip pananong na *tagpila* (magkano). Tumutukoy ang pananong na ito sa halaga ng bagay na pinag-uusapan sa pangungusap. Ginagamit din ang panghalip pananong na *pilay* at *pila* para sa pagtagtanong ng halaga ng bagay ng tinutukoy. Ipinapakita rin na ang panghalip pananong na *tagpila* at *pila* ay ginagamit sa pangungusap kapag ang kasunod nito ay pantukoy tulad ng ipinapakita sa mga

nabanggit na pangungusap na ang pananong ay sinundan ng pantukoy na *an* na may katumbas na ‘ang’ sa wikang Filipino.

Ang mga nailahad na mga panghalip pananong ay may iba’t ibang uri. May mga panghalip na pananong na nangangailangan ng kasagutang tungkol sa halaga, panahon, pamamaraan, lugar, opinyon at taong tinutukoy. Totoong taglay ito ng wikang Cantilangnun. Iniuugnay ito sa mga pangungusap upang maging malinaw ang kaisipang nais ipahayag ng pangungusap. Gayunpaman, hindi lang ang bahaging ito ng pananalita ang nakapaloob sa wikang Cantilangnun. Taglay rin ng wikang ito ang mga salitang kilos na makikita sa susunod na pahayag.

c. Pandiwa

Ang pandiwa ay mga salitang nagpapahayag ng kilos, aksyon o galaw. Tumutukoy rin ito sa proseso o pangyayaring karaniwang sadya o di-sadya, likas o di-likas at karanasan o damdamin. Maaaring binubuo ito ng salitang-ugat lamang na karaniwang ginagamit sa pag-uutos tulad ng ‘Halika.’ ng wikang Filipino na nagsasaad ng pag-uutos sa kausap na lumapit sa nagsasalita. Gayundin sa wikang Cantilangnun, may mga salita itong nagpapakita ng kilos na nagsasaad ng buong kaisipan.

Halimbawa:

Cantilangnun	Filipino
<i>Suyod.</i>	Pasok.
<i>Panaw.</i>	Alis.
<i>Dyagan.</i>	Takbo.

Ipinakikita sa mga halimbawang nabanggit na totoong ang wikang Cantilangnun ay may mga salitang-ugat na pandiwa. Ginagamit ito kapag nag-uutos ang nagsasalita, kapag sinabi na *Suyod* ay nagsasaad na pagpapasok sa kausap. Naintindihan ito ng mga Cantilangnun na sila ay pinapapasok ng kausap kahit hindi na sasabihing *suyod kaw diri* o pasok ka dito. Sa bahaging ito, lubos na pinatunayan ng mga salitang nabanggit na ang wikaing Cantilangnun ay may mga salitang-ugat na nagsasaad ng buong kaisipan. Ito ay mga pangungusap na sambitla.

Aspekto ng Pandiwa

Ayon sa kahulugang pansemanatika, ang pandiwa ay salitang nagpapakilos o nagbibigay-buhay sa isang lipon ng mga salita. Halimbawa, sa pangungusap na

Waya rakan ako kadto sa ila. (Hindi na lang ako pumunta sa kanila.), ang salitang *kadto* ‘pumunta’ ay pandiwa sapagkat nagsasaad ito ng kilos. Samantala, sa pananaw na estruktural, nakikilala ang pandiwa sa pamamagitan ng mga impleksyon nito sa iba’t ibang aspekto ayon sa

uri ng kilos na isinasaad nito. Nagbabago ang anyo ng pandiwa sa iba't ibang aspekto ayon sa isinasaad nitong kilos.

Sa wikang Cantilangnun, may mga pandiwa rin na nagsasaad ng iba't ibang aspekto. Makikita sa susunod na talahanayan ang mga halimbawa nito.

Talahanayan 5. Ang Aspekto ng Pandiwa sa Wikang Cantilangnun

Salitang-ugat	Katawagan sa wikang Filipino	Aspekto ng pandiwa		
		Pagnagdaan	Pangkasalukuyan	Panghina-harap
<i>dajaw</i>	kumpuni	<i>nangdajaw</i>	<i>nangdajaw</i>	<i>mangdajaw</i>
<i>lugos</i>	pilit	<i>nanlugos</i>	<i>nanlugos</i>	<i>manlugos</i>
<i>bajad</i>	bayad	<i>nagbajad</i>	<i>nagbajad</i>	<i>magbajad</i>
<i>tuyog</i>	tulog	<i>nahikatuyog</i>	<i>nahikatuyog</i>	<i>mahikatuyog</i>
<i>kadto</i>	punta	<i>nokadto</i>	<i>nokadto</i>	<i>mokadto</i>
<i>lakso</i>	lundag	<i>nolakso</i>	<i>nolakso</i>	<i>molakso</i>
<i>bija</i>	iwan	<i>tagbijaan</i>	<i>tagbijaan</i>	<i>bijaan</i>
<i>kanta</i>	awit	<i>tagkantahan</i>	<i>tagkantahan</i>	<i>kantahan</i>
<i>sugba</i>	ihaw	<i>tagsugba</i>	<i>tagsugba</i>	<i>sugbahon</i>

Ang aspekto ay katangian ng pandiwa na nagsasaad kung naganap na o hindi pa nagaganap ang kilos at kung nasimulan na at kung natapos nang ganapin o ipinagpapatuloy pa ang pagganap. Ang mga halimbawa na inilahad sa talahanayan ay lubos na nagpapatunay na ang wikang Cantilangnun ay may mga pandiwa na naaayon sa aspekto nito. Mayroon itong tatlong aspekto, ang perpektibo, imperpektibo at kontemplatibo.

Nagpapahayag ang aspektong perpektibo ng kilos na nasimulan na at natapos na. Nabubuo ang impleksyon sa aspektong ito kapag ang panlapi ng pandiwa ay may inisyal na ponemang /m/. Ang /m/ ay nagiging /n/ gaya ng *mangdajaw* 'magkumpuni' ay nagiging *nangdajaw* 'nagkumpuni', *manlugos* 'mamimilit' ay nagiging *nanlugos* 'namilit', *magbajad* ay ngiging *nagbajad*, at ang *matuyog* ay nagiging *natuyog* 'natulog'. Gayundin kapag ang pandiwa ay banghay sa unlapping *tag-* at hulaping *-an/-han* gaya ng *tagbijaan* 'iniwanan', *tagkantahan* 'kinantahan' at *tagsugba* 'inihaw'.

Ang mga pandiwang ito ng wikang Cantilangnun na nasa aspektong perpektibo ay lubos na naipahayag nang malinaw ang diwa kapag inuugnay ito sa pagbuo ng pangungusap tulad ng mga sumusunod na pangungusap:

- a. *Nagdajaw si Jaime kahapon nan bomba.*
Nagkumpuni si Jaime kahapon ng puso.
- b. *Waya nay ak utang kay nagbajad na ako.*

Wala na akong utang dahil binayaran ko na.

c. *Sajo ra ako natuyog kabie.*

Maaga lang ako natulog kagabi.

d. *Tagbijaan ko rakan sija kay kadugay moabot.*

Iniwanan ko na lang siya dahil ang tagal dumating.

e. *Dali ra sija nahikatuyog kay ako tagkantahan.*

Madali lang siya nakatulog dahil

Sa mga pangungusap na nailahad, lubhang madaling matukoy ang aspekto ng pandiwa dahil iniuugnay ito sa pagbuo ng pangungusap. Sa unang pangungusap, lubos na ipinakilala ang aspekto ng pandiwang *nagdajaw* dahil sa salitang *kahapon*. Isinasaad ng salitang *kahapon* ang panahaon na tapos nang isinagawa ang pagkukumpuni. Gayundin ang pangatlong pangungusap, isinasaad ng salitang *kabie* ‘kagabi’ na tapos nang isagawa ang pandiwang *natuyog* ‘natulog’. Samantala, sa ikalawang pangungusap, madali ring matukoy ang aspekto ng pandiwa na perpektibo dahil ginagamit ito bilang sanhi tulad ng *nagbajad* ‘nagbayad’. Ang salitang ito ay sanhi na wala nang utang. Tulad din ng mga nasa ikaapat at ikalimang pangungusap, ginagamit bilang sanhi ang mga pandiwa na nasa aspektong perpektibo.

Mapapansin din sa mga nabanggit na pangungusap na ginagamit bilang panaguri ang mga pandiwa. Isinasaad nito ang kilos na ginawa ng paksa. Pinatunayan din nito na maaaring maiuugnay ang mga pandiwa sa iba’t ibang kayarian ng pangungusap tulad ng una at ikatlong pangungusap na nasa kayariang payak at hugnayan naman sa ikalawa, ikaapat at ikalimang pangungusap. Tunay na malaki ang kahalagahan ng mga pandiwang ito dahil talagang hindi mabubuo ang kaisipan ng pangungusap kung wala ito. Mahalaga rin ang naidulot ng mga pandiwa na nasa aspektong perpektibo dahil lubos nitong nililinaw ang kaisipan ng pangungusap. Bagamat mahalaga rin ang mga pandiwa na nasa aspektong imperpektibo.

Ang aspektong imperpektibo ay nagpapahayag ng kilos na nasimulan na ngunit di pa natatapos at kasalukuyan pang ipinagpapatuloy. Tunay na naiiba sa ibang mga wika ang mga pandiwa na nasa aspektong ito lalo na sa wikang Filipino dahil hindi nagkaroon ng pagbabago ang anyo ng pandiwang perpektibo. Makikilala lamang ang mga ito kapag iniuugnay sa pangungusap. Tulad ng mga sumusunong halimbawa:

a. *Dili ako makakaton kay nangdajaw pa ako.*

Hindi ako makakapunta diyan kasi nagkukumpuni pa ako.

b. *Paghuyat anay kay nagbajad pa ako.*

Maghintay ka kasi nagbabayad pa ako.

- c. *Isda an ato sud-anun kay tagsugba ko kuman.*

Isda an gating uulamin dahil iniihaw ko ngayon.

- d. *Tan-awa, nolakso man kuman.*

Tingnan mo, lumulundag siya ngayon.

- e. *Tagkantahan ko rakan kuman an bata para mahikatuyog.*

Inaawitan ko na lang ngayon ang bata para makatulog.

Sa wikang Cantilangnun, hindi naiiba ang anyo ng pandiwa na nasa aspektong perpektibo at imperpektibo. Samantala, tulad ng mga ipinapakita sa mga nabanggit na halimbawa, natutukoy ang aspektong imperpektibo ng pandiwang Cantilangnun kapag iniuugnay ito sa pangungusap at kapag inilalarawan ito ng pang-abay na pamanahon. Sa ikatlo, ikaapat at ikalimang pangungusap, madaling matukoy ang aspektong imperpektibo ng pandiwa dahil sa salitang *kuman* na nagsasaad na kasalukuyang ginagawa ang kilos. Sa una at ikalawang pangungusap naman ay ipinakikilala ang aspektong imperpektibo ng pandiwa ng panandang *pa*.

Ipinakikita rin sa pangungusap ang kahalagahan ng pandiwang nasa aspektong imperpektibo. Pinalilinaw nito ang ideya ng pangungusap. Nagsisilbi itong pangunahing sangkap ng pangungusap dahil hindi magiging buo ang kaisipan nito kapag mawawala ang mga pandiwang nakapaloob dito. Iniuugnay ang pandiwa sa mga halimbawa bilang panaguri ng pangungusap.

Tinataglay rin ng wikang Cantilangnun ang aspektong kontemplatibo ng pandiwa. Naglalarawan ito sa kilos na hindi pa nasisimulan. Mapapansin sa susunod na mga pangungusap ang mga ito.

- a. *Mangdajaw ak anay nan bomba silom.*

Magkukumpuni muna ako ng puso bukas.

- b. *Ajaw pagkabiro kay magbajad ra ako sa sunod semana.*

Huwag kang mag-alala, magbabayad ako sa susunod na lingo.

- c. *Bijaan ta rakan kaw kay kadugay mo pa.*

Iiwanan na lang kita dahil ang tagal mo.

- d. *Uman mosugot kaw na kantahan ta kaw?*

Papayag ka ba na aawitan kita?

e. *Sugbahon ko ra ini isda pagkahuman ko magtugna.*

Iihawin ko itong isda pagkatapos kong magsaing.

Sa wikang Cantilangnun, likas na naiiba ang anyo ng aspektong kontemplatibo sa ibang mga wika. Hindi nagkaroon ng anumang pagbabago ang mga salitang pawatas ng pandiwa maliban lamang kapag ang panlapi sa kabilaan ng salita ay [tag-] at [-an/-han]. Kinakaltas ang [tag-] at naiiwan naman ang hulaping [-an/-han] tulad ng pandiwa sa ikatlong pangungusap na *bijaan* ‘iwanan’ na mula sa *tagbijaan* at *kantahan* ‘aawitan’ sa ikaapat na pangungusap na mula sa *tagkantahan*. Bagama’t may mga pagkakataon na ang hulaping *-han* at magiging *-hon* kapag ang pandiwa ay nasa aspektong kontemplatibo tulad ng *sugbahon* ‘iihawin’ sa ikalimang pangungusap na mula sa salitang *tagsugbahan*. Nangyayari lamang ito kapag ang pokus ng pandiwa ay tagatanggap.

Pinatunayan din ng mga nabanggit na pangungusap na may mahalagang tuntunin ang mga pandiwang kontemplatibo sa pagpapalinaw ng diwa ng pangungusap. Bagamat iba ang anyo ng mga pandiwang kontemplatibo ng wikang Cantilangnun kaysa wikang Filipino, madali pa rin itong matukoy at maintindihan kapag iniuugnay ito sa pangungusap. Gaya ng nabanggit sa una at ikalawang pangungusap, ipinakilala ang aspektong kontemplatibo sa pamamagitan ng salitang pamanahon na *silom* ‘bukas’ at *sunod semana* ‘susunod na linggo’. Ipinakilala sa ikatlong pangungusap ang aspektong kontemplatibo ng salitang pandiwa dahil sa unlaping *-an* na inilalapi sa salitang *bija*. Sa ikaapat naman na pangungusap, ipinakilala ang aspekto ng pandiwang *kantahan* dahil sa panlaping *-han* na ikinakabit sa hulihan ng salita gayundin ang panlaping *mo-* ng sinundang salita na *mosugot* ay nagpapahiwatig na gagawin pa lamang ang kilos. At ang ikalimang pangungusap ay ipinakilala ang aspektong kontemplatibo ng salitang pamanahon na *pagkahuman* o ‘pagkatapos’. Sa bahaging ito, ginagamit pa rin ang pandiwa bilang panaguri sa pangungusap at mapapansing isinasaad ang pokus nito. Ang susunod na pahayag ay naglalahad ng detalyadong paglalarawan sa pang-uri ng wikang Cantilangnun.

d. Pang-uri

Ang pang-uri ay salitang nagsasaad ng katangian o uri ng tao, hayop, bagay, lunan, at iba pa na tinutukoy ng pangngalan o panghalip na kasama nito sa loob ng pangungusap. Sa paraang estruktural, nakikilala rin ang pang-uri ng wikang Cantilangnun dahil sa impleksyong nagaganap dito ayon sa kasidhian at hambingan. Ito ay kasama ng pangngalan o panghalip, maliban kung ang mga ito ay inaalís na sa pangungusap. Ito ang ginagamit sa pagbuo ng pangungusap. Maaari rin itong nasa bahaging panaguri ng pangungusap.

Halimbawa:

[1] *Madabo na tawo an nandyagan sa baybay.*

Maraming tao ang tumakbo sa dalampasigan.

[2] *Kasaba nija magkaon.*

Maingay siyang kumain.

Ipinakikita ng mga pangungusap na nailahad ang mga salitang naglalarawan sa pangngalan o panghalip. Sa unang pangungusap, ginagamit ang pang-uring *madabo* ‘marami’ bilang ulo ng pariralang panaguri. Naglalarawan ito sa pangngalang *tawo* ‘tao’. Pinangungunahan din ng pang-uring *kasaba* ang panaguring parirala ng ikalawang pangungusap. Naglalarawan din ito sa panghalip na *niya* ‘siyang’. Minsan din ang mga pang-uring ito ay ginagamit bilang paksa ng pangungusap.

Halimbawa:

a. *Nanhaja an mga gagmay na bata.*

Umiiyak ang mga maliliit na bata.

b. *Namanaw an mga tiguyang.*

Umalis ang mga matatanda.

Malinaw na ipinapakita sa mga pangungusap na ito ang pang-uri na ginagamit bilang paksa ng pangungusap. Mapapansin din ang bilang ng mga inilalarawan ng mga pang-uri dulot ng mga pananda na sinundan nito. Katunayan, ang mga pang-uri ay may kailanan at kaantasan ng kasidhian. Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag.

Kailanan ng Pang-uri

May tatlong kailanan ang wikang Cantilangnun, ang isahan, dalawahan, at maramihan. Anyong isahan ito kapag iisa lamang ang inilalarawan; anyong dalawahan kung dalawa ang inilalarawan; at anyong maramihan kung higit sa dalawa ang inilalarawan.

Halimbawa:

a. *Dagko an bayod sa dagat.* (isahan)

Malaki ang alon sa dagat.

b. *An duha bata adto sa abroad* (dalawahan)

Ang dalawa kong anak ay doon sa abroad.

c. *Mahamok na kalupaan sila ni Mano.* (maramihan)

Maraming lupain sina Mano.

Naipakikita ang anyong isahan ng pang-uri sa wikang Cantilangnun ng salitang payak o maylaping pang-uri at ng mga pantukoy na sinusundan ng mga pangngalan o panghalip.

Halimbawa:

- a. *Halaju an Cantilan sa Bislig.*

Malayo ang Cantilan sa Bislig.

- b. *Mabujong ak sa una.*

Maingay ako noon.

- c. *Taga-Baybay man jadto si Tilang.*

Taga-Baybay iyong si Tilang.

Malinaw na ipinakita ang kailanan ng mga pang-uri na ginamit sa mga nabanggit na pangungusap. Ang kailanang isahan ng pang-uring *halaju* sa unang pangungusap ay ipinakilala ng mga panandang *an*. Nasa kailanang isahan naman ang pang-uring *mabujong* sa ikalawang pangungusap dahil ito ay naglalarawan sa panghalip na *ak* na nasa kailanang isahan din. Sa ikatlong pangungusap naman, totoong isahan ang kailanan ng pang-uring *taga-Baybay* dahil inilarawan nito ang isang pangngalan. Ang kasunod na mga halimbawa ng pangungusap ay nagpapatunay na ang mga pang-uri ng wikang Cantilangnun ay mayroon ding anyong dalawahan ng pang-uri. Ito ay madaling matukoy sa pamamagitan ng paggamit ng pamilang na dalawa at mga panlapi tulad ng *magka-*.

Halimbawa:

- a. *An duha ko ka bata adto sa abroad.*

Ang dalawa kong anak ay doon sa abroad.

- b. *Pareho engineer an duha ko ka bata.*

Parehong engineer ang dalawa kong anak.

- c. *Magkawayong kami nan ako maguyang.*

Magkamukha kami ng aking nakatatandang kapatid.

Totoong madaling matukoy ang kailanang dalawahan ng mga panghalip ng wikang Cantilangnun dahil sa pamilang na nagsasaad ng katangiang dalawahan. Pinatunayan ito ng unang dalawang pangungusap na nabanggit. Ginamit ang salitang *duha* upang mailarawan ang dalawang pinag-uusapan. Nagsasaad din ng kailanang dalawahan ang isang pang-uri kung ginagamitan ito ng panlapi gaya ng panlaping *magka-* na ikinakabit sa salitang *wayong* sa ikatlong pangungusap.

May mga katutubong salita sa wikang Cantilangnun na likas na naglalarawan ng anyong maramihan kahit ito’y payak. Naipakikita rin ang anyong maramihan sa pamamagitan ng mga panlapi, pantukoy na *mga* at mga pamilang higit sa dalawa.

Halimbawa:

- a. *Batohon pa man gajud an mga dayan sa una gikan dinhi abot sa Tandag.*

Mabato pa talaga ang mga daan noon mula dito hanggang Tandag.

- b. *Dabo ko na bata, lima sila kabuok.*

Marami akong anak, lima silang lahat.

- c. *Sa una, hamok pa na mga kakahujan sa kilid nan karsada.*

Noon, marami pang mga kahoy ang nasa gilid ng daan.

Ang mga pang-uring nasa kailanang maramihan ay madaling matukoy kapag ginamitan ito ng mga salitang pamilang tulad ng *lima* na ginamit sa ikalawang pangungusap, at mga salitang pananda tulad ng *ng mga* sa unang pangungusap. Gayunpaman, may mga salitang-ugat na pang-uri ang wikang Cantilangnun na nagsasaad ng kailanang maramihan gaya ng *dabu* at *hamok*. Ang mga ito ay likas na nagsasaad na marami ang inilalarawan.

Kaugnay sa mga nailahad na mga pangungusap, pinatunayan nito na ang mga katutubong salita ng wikang Cantilangnun na naglalarawan ay mayroon din kailanan. Mapapansin na sa wikang ito, ang mga pang-uring payak ay maaaring magamit sa paglalarawan ng isa, dalawa o higit pang mga pangngalan o panghalip. Ngunit, madaling matukoy ang mga kailanan nito sa pamamagitan ng mga pantukoy at mga pamilang.

Kaantasan ng Kasidhian ng Pang-uri sa Wikang Cantilangnun

May iba’t ibang antas din ng kasidhian ang pang-uri sa wikang Cantilangnun: pangkaraniwan, katamtamang antas, at masidhi.

Halimbawa:

- a. *Hayang nan kinilaw.*

Anghang ang kinilaw.

- b. *Mahayang ra an kinilaw.*

Maanghang ang kinilaw.

- c. *Kahayang nan kinilaw.*

Maanghang ang kinilaw.

d. *Pintada kahayang an kinilaw.*

Sobrang maanghang ang kinilaw.

e. *Pintada gajud kahayang an kinilaw.*

Sobrang maanghang talaga ang kinilaw.

f. *Hayangers an kinilaw*

Sobrang maanghang ang kinilaw.

g. *Hayangers gajud ang kinilaw.*

Sobrang maanghang talaga ang kinilaw.

Sukdulan kung maglarawan ang mga Cantilangnun. Kapag karaniwan lamang ang paglalarawan nito ay ginagamit lamang ang karaniwang anyo ng pang-uri tulad ng ipinakita sa unang pangungusap. Ang salitang *hayang* ‘anghang’ ang pang-uring nasa kasidhiang lantay. Ginagamit lamang ang salitang-ugat ng mga pang-uring Cantilangnun kapag pangkaraniwan ang antas ng paglalarawan.

Nasa katamtamang antas naman ng kasidhian ng paglalarawan ang pang-uring nasa ikalawa at ikatlong pangungusap, *mahayang* at *kahayang* na parehong nangangahulugang ‘maanghang’. Samantala, nasa sukduang paglalarawan ang mga pang-uri sa ikaapat hanggang sa ikapitong pangungusap. Ang *pintada* at *pintada gajud* ay parehong nagsasaad ng sobrang anghang, gayundin ang pang-uring *hayangers* at *hayangers gajud*. Ang paghuhulapi ng *er* at *ers* sa mga pang-uri ay tunay na likas sa wikang Cantilangnun. Kaya kapag naglalarawan ang mga Cantilangnun, bihira lamang ang karaniwang anyo dahil kahit ito’y simple lang ay pinasisidhi nila ito. Kaugnay nito, likas din sa mga Cantilangnun ang pagiging matatag, mapagmalaki at matapat dulot ng pagkaligtas nito sa **tidal wave** na nangyari sa lugar. Kaya’t hindi maipagkakaila na kapag naglalarawan sila ay punung-puno ng kasukdulan.

e. Pang-abay

Ayon sa tradisyonal na pagpapakahulugan ng pang-abay, nagbibigay-buhay ito sa pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay. Sa estruktural na pagbibigay ng katuturan, makikilala ang pang-abay dahil kasama ito ng pandiwa, pang-uri o isa pang pang-abay na bumubuo ng parirala.

Halimbawa:

a. *Pagkapaspas ko mopanaw bisan tiguyang na ako.*

Mabilis akong maglakad kahit matanda na ako.

b. *Tinuod na daku an am bayay sa una.*

Totoong malaki ang bahay naming noon.

c. *Pinatada ra isab kakusog magpadyagan nan sakjanan ton mga driver kuman.*

Sobrang mabilis magpatakbo ng sasakyan ang mga **driver** ngayon.

Pinatunayan ng mga pangungusap na nabanggit na totoong naglalarawan ang pang-abay sa pandiwa gaya ng nasa unang pangungusap. Inilalarawan ng salitang *pagkapaspas* ang pandiwang *mopanaw*. Ang pang-uring *daku* naman ang inilalarawan ng pang-abay na *tinuod*, at kapwa pang-abay na *kakusog* ang inilarawan ng *pintada* sa ikatlong pangungusap.

Malinaw na ipinakikita ang gamit ng mga pang-abay na iniuugnay sa pangungusap. Sa mga nailahad na pangungusap, tumatayong panaguri ang mga pang-abay. May mahalagang kaisipan itong naidudulot sa pagbuo ng diwa na nais ipahatid ng pangungusap.

Ang mga pang-abay sa wikang Cantilangnun ay nahahati rin sa dalawang pangunahing pangkat, ang mga katagang pang-abay o ingklitik at mga uri ng pang-abay.

Ang mga katagang pang-abay o ingklitik ng wikang Cantilangnun

Ang mga pang-abay na kataga o ingklitik ay mga katagang laging sumusunod sa unang salita ng kayariang kinabibilangan.

Halimbawa:

Cantilangnun	Filipino
<i>anay</i>	muna
<i>bagan</i>	yata
<i>gajud</i>	talaga
<i>kay</i>	kasi
<i>usa</i>	kaya
<i>baja</i>	pala

a. *Paghuyat anay kadali.*

Hintay ka muna sandali.

b. *El Ninyo man bagan anhe kay waya man gajud uyan.*

El Ninyo yata ngayon dahil hindi talaga umulan.

c. *Wayay ak kwarta usa waya ak makapalit.*

Wala akong pera kaya hindi ako nakabili

d. *Nagkasakit man kaw baja usa na nagkaig kaw.*

Nagkasakit ka pala kaya pumayat ka.

Ipinakikita sa mga halimbawa ang gamit ng mga ingklitik na iniuugnay sa pagbuo ng pangungusap. Lubos itong nagpapalinaw sa kaisipang nais ipahiwatig ng pangungusap. May taglay itong kahulugan. Ang ingklitik sa unang pangungusap na *anay* ay ginagamit kapag ang sinusundang salita ay pangngalan, panghalip at pandiwa. Ginagamit din ito kapag nagsasaad ng panahon ng gumagawa o pinaglaanan ng kilos.

Sa ikalawang pangungusap naman, mapapansin ang gamit ng mga ingklitik na nakapaloob dito. Ginagamit ang *bagan* kapag nag-aalinlangan, *kay* kapag tinutukoy ang dahilan at *gajud* kapag lubos na pinatunayan ang pangyayari. Ipinahiwatig naman ng ingklitik na *usa* na nasa ikatlong pangungusap ang bunga na tinutukoy sa pahayag. Ang *baja* naman sa ikaapat na pangungusap ay ginagamit kapag tiyak na pinatunayan ang paksang isinasaad sa pahayag.

Pang-abay na Pamanahon

Ang mga pang-abay ay nauuri ayon sa isinasaad nito. Pang-abay na pamanahon kapag nagsasaad kung kailan naganap o magaganap ang kilos na taglay ng pandiwa.

Halimbawa:

a. *Sugod sa una dinhi ra ako naghuya.*

Tuwing Linggo talaga ako nagsisimba.

b. *Silom mangadto kami sa Cagwait.*

Bukas pupunta kami sa Cagwait.

c. *Adlaw-adlaw gajud ako nag-ampo sa Ginoo na hatagan ak nan marajaw na lawas.*

Araw-araw talaga ako nagdarasal sa Panginoon na bigyan ako ng magandang pangangatawan.

Ang mga salitang sinalungguhitan sa mga pangungusap na nabanggit ay mga salitang pang-abay na pamanahon. Ginagamit sa unang pangungusap ang pang-abay na *sugod* bilang pananda para sa panahong *una*. May mga pang-abay naman na ginagamit sa pangungusap na walang pananda tulad ng *silom* sa ikalawang pangungusap. Makikita naman sa ikatlong pangungusap ang pang-abay na pamanahaon na *adlaw-adlaw*, ito ay ginagamit kapag nagsasaad ng dalas ng pagganap ng kilos na taglay ng pandiwa. Maliban sa mga pang-abay na pamanahon, mayroon ding mga pang-abay ang wikang Cantilangnun na naglalarawan sa lugar na pinangyarihan ng kilos. Makikita ito sa susunod na pahayag.

Pang-abay na Panlunan

Tumutukoy ito sa pook na pinangyarihan, pinangyayarihan, o pangyayarihan ng kilos sa pandiwa. Sa wikang Cantilangnun, karaniwang ginagamitan ng pariralang *sa/kan* ang ganitong pag-abay. Ginagamit ang *sa* kapag ang kasunod ay pangngalang pambalana o panghalip. *Kan* naman ang ginagamit kapag ang kasunod ay pangngalang pantanging ngalan ng tao. Ang pangngalang pantanging ngalan ng pook o bagay ay pinangungunahan ng *sa*.

Halimbawa:

1. sa + pangngalang pambalana
 - a. *Didto raman ak sa eskuylahan.*
Doon lang ako sa paaralan.
 - b. *Minhunong kami sa tunga-tunga nan dayan kay nahadlok kami.*
Huminto kami sa kalagitnaan ng daan dahil natakot kami.

2. sa + pangngalang pantanging di ngalan ng tao.
 - a. *Nagtungha ako sa una sa SMC.*
Nag-aral ako noon sa SMC.
 - b. *Dinhi man gajud kami sa Linintian naghuya.*
Dito talaga kami sa Linintian nakatira.

3. sa + panghalip na panao
 - a. *Tag-ulit ko sa ija nanay na waya sija motungha.*
Isinumbong ko sa kanyang ina na hindi siya pumasok.
 - b. *Tagpadaya ko sa ila an sobra na sud-an.*
Pinadala ko sa kanila ang natirang ulam.

4. Sa + pangngalang pantanging ngalan ng tao
 - a. Naglaong man lage sija na ehatag ini babay kan Senen.
Sinabi talaga niya na ibigay itong bahay kay Senen.
 - b. *Ehatag rakan kan Dandang ton bayay.*
Ibigay na lang kay Dandang iyong bahay.

Sa mga ipinapakita na halimbawa, ang *sa* sa pang-abay na panlunan ay maaaring sundan ng isang pariralang posisyunal, isang pariralang binubuo ng posisyunal na pangngalan at pariralang *nan* tulad ng ikalawang pangungusap sa unang bilang. Ang pang-ukol na *sa* ay sinusundan ng posisyonal na pangngalang *tunga-tunga*, na sinusundan naman ng pariralang *nan dayan* ‘ng daan’.

Pang-abay na pamaraan

Naglalarawan ito kung paano naganap, nagaganap o magaganap ang kilos na ipinahahayag ng pandiwa o ng isang kayariang hango sa pandiwa.

Halimbawa:

- a. *Waya ako makadungog kay kahinay nija mag-estorya.*
Hindi ako nakarinig dahil mahina siya magsalita.
- b. *Pintada gajud kapaspas mag-uma si Sonia.*
Napakabilis talaga ni Sonia magbunot ng damo.
- c. *Mahinay na magpanaw an tiguyang.*
Mahina nang lumakad ang matanda.

Ang mga salitang sinalungguhan sa pangungusap na nabanggit ay mga pang-abay na pamaraan. Inilalarawan nito kung paano naisagawa ang kilos tulad ng unang pangungusap, ang salitang *kahinay* ay naglalarawan sa salitang *mag-estorya*. Inilalarawan ng pang-abay na *kahinay* ang paraan ng pagsasalita. Maaaring pasukdol ang paglalarawan nito gaya ng pang-abay na nasa ikalawang pangungusap, ang *pintada gajud* ay sukdulang naglalarawan sa *kapaspas*. Sa bahagi ring ito, pinatunayan na ang pang-abay ay naglalarawan sa kapwa pang-abay.

Sa mga halimbawang nabanggit, lubos na pinatunayan na ang wikang Cantilangnun ay may tatlong uri ng pang-abay: pamanahon, panlunan at pamaraan na iniuugnay sa pagbuo ng pangungusap.

5.3.1.2 Pangkayarian

Ikalawang bahagi ng pananalita ang pangkayarian. Tinatawag itong pangkayarian sapagkat walang itong gaanong naibibigay na kahulugan ngunit kailangan sa pagbubuo ng pangungusap. Mayroon itong dalawang uri, ang mga pang-ugnay at pananda.

Ang mga pang-ugnay ay ang mga salitang nagpapakita ng relasyon ng dalawang yunit sa pangungusap, halimbawa ay ng dalawang salita, o ng dalawang parirala, o ng dalawang sugnay. Tatlo ang mga pang-ugnay: pangatnig, pang-angkop at pang-ukol. Ang mga pananda naman ay mga katagang nagsisilbing tagapangbadya ng gamit ng isang salita o kaayusan ng mga bahagi ng pangungusap. Dalawa ang mga pananda: ang mga pantukoy at pangawing.

Ang mga katangiang ito ng wika ay tunay na taglay rin ng wikang Cantilangnun. Iniuugnay nito ang iba't ibang uri ng salita na nakapaloob sa isang pahayag upang maging mas malinaw at buo ang diwa ng isang pangungusap.

Ang mga Pang-ugnay

a. Pangatnig

Pangatnig ang tawag sa mga kataga o salitang nag-uugnay ng dalawang salita, parirala, o sugnay na pinagsusunod-sunod sa pangungusap. Maaari itong panimbang o pantulong. Ang panimbang ang nag-uugnay sa magkatimbang na mga salita, parirala o sugnay. Sa wikang Cantilangnun, binubuo ang mga panimbang ng mga sumusunod:

Cantilangnun	Filipino
<i>peru</i>	ngunit
<i>nakay</i>	pero
<i>sanang</i>	at
<i>apil</i>	pati
<i>o</i>	o

Malaki ang kahalagahan ng mga pangatnig na nabanggit sa pag-uugnay ng ibang mga salita sa loob ng pangungusap upang maging buo ang kaisipan nais ipahatid nito. Makikita sa susunod na mga lipon ng salita ang gamit ng pangatnig na panimbang:

a. *Ikaw o ako an magsuyat.*

Ikaw o ako ang magsulat.

b. *Nabilin ko an bag apil an pitaka.*

Naiwan ko ang baga pati ang pita

c. *Madabo an sud-an peru hilaw an kan-on.*

Marami ang ulam ngunit hilaw ang kanin.

d. *Ako sanan ak mga apo an ak iban dinhi sa bayay.*

Ako at ang aking mga apo ang kasama ko dito sa bahay.

e. *Taglang-an ko na dinhi rakan sila manrabaho sa Pilipinas nakay dili sab sila manugot.*

Sinabihan ko na dito na lang sila magtrabaho sa Pilipinas pero hindi naman pumayag.

Pinatunayan ng mga nailahad na pangungusap ang kahalagahan na pangatnig sa pag-uugnay ng mga salita, parirala o sugnay. Sa bahaging panaguri ng unang pangungusap, pinag-uugnay ng pangatnig na o ang dalawang panghalip na *ikaw* at *ako*. Sa ikalawang pangungusap naman pariralang *an bag* at *an pitaka* ang pinag-uugnay ng pangatnig na *pati*. Mga sugnay naman ang pinag-uugnay ng pangatnig na *peru* sa ikatlong pangungusap. Gayundin, ang pangatnig na *nakay* sa ikalimang pangungusap. Ngunit may mga pagkakataon din sa wikang Cantilangnun na maaaring inuugnay ng pangatnig ang salita sa parirala tulad ng nasa ikaapat na pangungusap. Pinag-uugnay ng pangatnig na *sanan* ang salitang *ako* at pariralang *ak mga apo*.

Mayroon ding mga pangatnig na pantulong ang wikang Cantilangnun. Nag-uugnay ito sa isang sugnay na umaasa lamang sa isang puno o pangunahing sugnay. Binubuo ito ng mga sumusunod:

Cantilangnun	Filipino
<i>kun</i>	kung
<i>mintras</i>	habang
<i>dakan</i>	upang
<i>kay</i>	dahil

a. *Mokadto ako sa ila **kun** tagaaan ak nan ipamasaheay.*

Pupunta ako sa kanila kung bibigyan ako ng pampamasahe.

b. *Nag-estoryahay kami **mintras** naghuyat dimo.*

Nagkwentuhan kami habang naghihintay sa iyo.

c. *Nabijaan ta **kay** naulihi man ta.*

Naiwanan tayo dahil nahuli tayo.

d. *Magtrabaho gajud **dakan** makakwarta.*

Magtrabaho talakaga upang magkapera.

Ipinakikita sa mga nailahad na pangungusap ang mga pantulong na pangatnig na nag-uugnay ng mga sugnay na umaasa lamang sa isang puno o pangunahing sugnay. Lubos na pinatunayan ng mga halimbawa ang kahalagahan ng mga pangatnig sa pagbuo ng kumpletong kaisipan sa pangungusap.

Gayunpaman, natukoy rin na ang wikang Cantilangnun ay may mga katagang iniuugnay sa direksyon, lugar at kinauukulan. Ito ay ang mga pang-ukol.

b. Pang-ukol

Pang-ukol ang tawag sa mga kataga o salitang nag-uugnay sa isang pangngalan sa iba pang salita sa pangungusap. Ayon sa pansemantikang katuturan, masasabing ang pang-ukol ay kataga o mga katagang ginagamit upang ipakilala na ang isang tao, bagay, pook, o pangyayari ay inilalaan o iniuukol sa isa pang tao, bagay, pook, o pangyayari. tulad ng mga sumusunod:

Cantilangnun	Filipino
<i>basin sa</i>	tungkol sa
<i>bahin kan</i>	tungkol kay
<i>basi sa</i>	alinsunod sa
<i>basi kan</i>	alinsunod kay
<i>adto sa</i>	doon sa
<i>adto kan</i>	doon kay
<i>para sa</i>	para sa
<i>para kan</i>	para kay
kan	kay
sa	sa

Halimbawa:

a. **Bahin sa** utang an amo tagkalalisan.

Tungkol sa utang ang aming pinag-awayan.

b. An amo tagkaestoryahan **bahin kan** madam.

Ang aming pinag-usapan ay tungkol kay madam.

c. **Basi sa** balaod sa una, makatudlo na bisan waya makahuman sa kolehiyo

Alinsunod sa batas noon, makapagturo na kahit hindi pa nakapagtapos sa kolehiyo.

d. **Basi kan** Mr. Guardo, maguba gajud an Cantilan kun aja sugdi an mina.

Alinsunod kay G. Guardo, masira talaga ang Cantilan kapag umpisahan ang pagmimina.

e. An tanan malami na pagkaon kay **para sa** ijo.

Ang lahat ng masarap na pagkain ay para sa bisita.

f. **Para kan** Venus an lima ka sako na humay.

Para kay Venus ang limang sako ng palay.

g. *Waya dinhi an ak mga bata kay adto sa Texas.*

Wala dito ang aking mga anak dahil doon sila sa Texas.

h. *Adto kan Felipe an hinan-ay ko na estorya.*

Doon kay Felipie ang inihanda kong kwento.

Malinaw na ipinakikita ang kahalagahan ng pang-ukol na iniuugnay sa pagbubuo ng pangungusap. Ang pang-ukol at ang kasunod nitong pangngalan o panghalip ay bumubuo ng pariralang pang-ukol tulad ng makikita sa mga pangungusap. Pariralang pang-ukol ang panaguri ng mga pangungusap sa itaas. Makikita rin sa unang pangungusap na pinag-uugnay ng pang-ukol na *bahin sa* ang dalawang pangngalang, ang *utang* at *tagkalalisan*. Gayundin ang pang-ukoy na *bahin kan* ay pinag-uugnay ang mga pangngalang *tag-estoryahan* at *madam*. Samantala, sa ikatlong pangungusap ay mapapansin na pinag-uugnay ng pang-ukol na *basi sa* ang pangngalan na *balaod* at pandiwang *makatudlo*. At ang pangngalang *Mr. Guardo* at pandiwang *maguba* ng pang-ukol na *basi kan*. Sa ikalimang pangungusap naman pinag-uugnay ng pang-angkop na *para sa* ang pangngalang *pagkaon* at panghalip na *ijo*. Ngunit, ang mga pang-angkop na para kan, adto kan, at basi kan ay sinusundan lamang na pangngalang pantangi, tulad ng ipinapakita sa ikaapat, ikaanim at ikawalong pangungusap. Sa bahaging ito, lubos na pinatunayan ng mga pang-ukol ng wikang Cantilangnun na malaki ang kahalagahan nito sa pag-uugnay ng pangngalan, panghalip at pandiwa.

c. Pang-angkop

Ang mga pang-angkop ay mga katagang nag-uugnay sa panuring at salitang tinuturingan. Hindi ito nagtataglay ng kahulugan. Napapaganda lamang ito ng mga pariralang pinaggagamitan. Tulad ng mga pangungusap na,

Ang malinaw na tubig sa Libtong ay dinarayo ng mga turista.

Ang magandangng talon sa Tinuy-an ay hinahangaan ng mga turista.

Ang ibongg maliit ay lumilipad.

Mapapansin ang tatlong pang-angkop sa wikang Filipino. Sa matandang balarila, mayroong tatlong pangkop, ang *na*, *ng*, at *g*. Gayunpaman, ayon kina Santiago at Tiangco (1991), hindi na dapat kilalaning pang-angkop ang *g* sapagkat ang digrapong *ng* ay hindi binubuo ng mga ponemang /n/ at /g/ bagkus kumakatawan ito sa ponemang /ŋ/. Kaya't kapag inaangkupan ang salitang nagtatapos sa /n/, ang nangyayari ay hindi inaangkupan ng *-g* ang salita kundi ang /n/ ay napapalitan ng /ŋ/ tulad ng nasa ikatlong pangungusap sa itaas. Ginagamit naman ang pang-angkop

na **ng** kung ang inaangakupang salita ay nagtatapos sa tunog na patinig at pang-angkop na **na** kung nagtatapos sa katinig maliban sa /n/ ang salitang inaangkupan.

Ang wikang Cantilangnun ay may iisang katutubong pang-angkop lamang. Ito ang pang-angkop na **na** na iniaangkop sa mga salitang nagtatapos sa patinig at katinig. Makikita sa ibaba ang mga halimbawa.

a. *Kahamok **na** bisita an min-abot sa bayay.*

Maraming bisita ang dumating sa bahay.

b. *Gwapa **na** bata ini si Solet.*

Magandang bata itong si Solet.

c. *Dahon **na** laya an ak nakuha.*

Dahong malanta ang aking nakuha.

Ipinakikita sa pangungusap sa itaas na sa wikang Cantilangnun ay iisang pang-angkop lamang ang iniaangkop sa mga salitang nagtatapos ng patinig at katinig. Gayundin, ang mga salitang nagtatapos sa **n** tulad ng nasa ikatlong pangungusap. Iniaangkop ng **na** ang *dahon* sa pang-uring *laya*.

d. Mga Pananda

Ang mga pananda ay nagbabadya o nagsisilbing tanda ng gamit na pambalarila ng isang salita sa loob ng pangungusap. Maaari rin itong magbadya ng ayos ng mga bahagi ng pangungusap.

Sa wikang Filipino, ang mga pananda ng pambalarilang gamit ng isang salita ay ang mga pantukoy na *si*, *sina*, *ang* at *ang mga*, gayundin ang mga pang-ukol sa anyong *ng* at *sa*. Ang pananda ng ayos ng pangungusap ay ang katagang *ay*. Gayundin sa wikang Cantilangnun, madali rin matukoy ang ayos ng pangungusap dahil sa panandang *kay*. Ipinakikita nito na ang ayos ng pangungusap ay di-karaniwang ayos, nauuna ang simuno sa panaguri. Gayunpaman, nagkaroon ng pagbabago ang ayos kung inililipat ang posisyon ng simuno at panaguri, karaniwan ang ayos kapag nauuna ang panaguri sa simuno. Tinatawag din na pangawing ang *kay* sapagkat pinagkakawing nito ang panaguri at simuno. Tulad ng mga nasa sumusunod na pangungusap

a. ***Si** Lydia **kay** datu na kuman.*

Si Lydia ay mayaman na ngayon.

b. *Nag-abroad **sila** Joel sanan Boret.*

Nag-abroad sina Joel at Boret.

c. *An mga kabataan kuman **kay** dili kun masipogon.*

Ang mga kabataan ngayon ay hindi mahiyain.

d. *Tuyog gajud **an** bata.*

Tulog talaga ang bata.

Sa mga nailahad ng mga pangungusap, malinaw na ipinakilala ang ayos ng pangungusap sa pamamagitan ng panandang **kay**. Ang ayos ng una at ikatlong pangungusap ay di-karaniwan sapagkat nauuna ang panaguri kaysa simuno. Sa unang pangungusap ipinakilala ng unang pangungusap ang simuno na *Lydia* na tinutukoy ng pantukoy na **si**. Sa ikatlong pangungusap naman, pinakilala ang simuno na *kabataaan* ng pantukoy na *an mga*. Sa bahaging ito, ipinapahiwatig ng mga nailahad na pangungusap na ang mga pantukoy ay nagpapakilala ng paksa sa pangungusap. Ang panandang **kay** naman ay nagpapakilalang nauuna ang paksa kaysa panaguri. Walang **kay** ang ayos ng panaguri-paksa tulad ng ikalawa at ikaapat na pangungusap. Sa wikang Cantilangnun, ginagamit ang karaniwang ayos ng pangungusap sa araw-araw na pakikipag-usap, ang di-karaniwang ayos naman na ginamitan ng panandang **kay** ay ginagamit sa mga pormal na pagkakataon tulad ng nasa una at ikatlong pangungusap.

IV. Kongklusyon

Bahagi ng estruktura ng wika ang pag-aaral ng mga bahagi ng pananalita. Isang linggwistikong kaurian ng mga salita ang bahagi ng pananalita na pangkalahatang binibigyang kahulugan sa pamamagitan ng sintaktiko at morpolohikong katangian ng bahaging panleksikong tinutukoy. Ang wikang Cantilangnun bilang isa sa mga wika sa Surigao del Sur ay nagtataglay rin ng mga katangiang ito.

Matapos maisagawa ang pag-aaral sa mga gamit ng mga bahagi ng pananalita na iniuugnay sa pagbuo ng pangungusap sa wikang Cantilangnun, masasabi na tunay ngang taglay rin ng wikang ito ang sintaksis na isa sa mga bahagi ng estruktura ng wika. Totoong pinag-uugnay ang mga parirala at pangungusap sa wikang Cantilangnun ng iba't ibang mga bahagi ng pananalita. Mayroong mga sariling kahulugan ang mga salitang pangnilalaman, samantala, kailangan ding makita sa isang konteksto ang salitang pangkayarian upang maging makahulugan ito. Lubhang mahalaga ang gamit ng bawat bahagi ng pananalita ng wikang Cantilangnun sa pagbuo ng iba't ibang anyo at kayarian ng pangungusap.

Sa pag-uugnay ng mga bahagi ng salitang Cantilangnun, nabuo ang iba't ibang ayos ng pangungusap at maging ang kayarian ng pangungusap. Katunayan, lubhang makabuluhan din ang tungkulin ng panandang **kay** sa pagkilala ng ayos ng pangungusap. Naipahahayag nang malinaw ang mga kaisipan at adhikain ng mga mamamayan sa mga bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza kung pinag-uugnay nang wasto ang mga bahagi ng pananalita.

Ang mga natukoy na tuntunin sa paggamit ng mga bahagi ng pananalita na iniuugnay sa pagbuo ng pangungusap sa wikang Cantilangnun ay sapat na patunay na dapat lang kikilalanin na isa sa mga unang wika sa bansang Pilipinas ang wikang Cantilangnun.

V. Rekomendasyon

Batid ng mga nasa larangan ng pagtuturo ang bagong iniimplimentang kurikulum ng DepEd, ang K to 12 kung saan nakapaloob ang MTB-MLE na naglalayong maituro at mapag-aralan ang unang wika ng mga mag-aaral at ang paggamit nito bilang midyum sa pagtuturo ng matematika, agham, araling panlipunan maliban sa Ingles at Filipino. Kung gayon, mahalagang gamitin ang nabuong pag-aaral hinggil sa mga gamit ng mga bahagi ng pananalita na iniuuganay sa pagbuo ng pangungusap sa wikang Cantilangnun bilang batayan sa pagtuturo ng unang wika sa mga mag-aaral sa Kindergarten hanggang Grade 3 sa mga paaralan ng mga bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza.

Inirerekomenda rin ang pagsasagawa ng lubusang pag-aaral sa wikang Cantilangnun lalong-lalo na ang sintaksis na katangian ng estruktura nito.

REFERENCES

- [1] Cubar, E. & Cubar, N. (1994) Writing Filipino grammar: Traditions and trends. Quezon City: New Day Publishers.
- [2] Dekker, D. (2010). What is mother tongue-based multilingual education. In *Staring where the children are: A Collection of essays on mother tongue based multilingual education and language issues in the Philippines*. R. Nolasco, et al., (Eds). Quezon City, Philippines:170 Talaytayan MLE Inc. pp. 23-25.
- [3] Dumanig, F. (2005). A descriptive analysis of Surigaonon language. [online article]. Retrieved December 4, 2008:
- [4] Hufana, N. L. (2010). *Wika, kultura at lipunang Pilipino*. Iligan City: Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, MSU-IIT.
- [5] Rubrico, J. G. (1999). *Magbinisaya kita: Cebuano primer I*. Quezon City: IJR Links and Consultant.
- [6] Ila, J. P., et al. (2001). *Komparatibong analisis ng aktuwal na gamit ng wika at mga piling pamantayan sa gramatika at ortograpiya sa Filipino, Sebwano-Bisaya at Ilokano: Lapit batay sa korpus*. Daluyan.
- [8] Matute, G.E., Belvez, P. M. & Kabigting, C.E. (1987). *Filipino sa bagong panahon*. Binagong Ed. Makati City: National Book Store, Inc.
- [9] Miçlat, M. I. & Bacquiran, R.P Jr. (1999). *Sangguniang gramatica ng wikang Filipino*. Quezon City, Philippines: Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas.
- [10] Montera, G. G. & Perez, A.A. (2012). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Quezon City: ALPS Publication.
- [11] NAATI Language selection policy. Nakalap noong Marso 3, 2014 mula sa <https://www.naati.com.au>>pdf.

- [12] Native-likeness in second language lexical categorization reflects individual language history and linguistic community norms. (Journal). Nakalap noong Abril 23, 2014 mula sa www.frontiersin.org>pdf.
- [13] Ong, F. G. (2004). The dialect of Cantilan. Quezon City: 4J Printing.
- [14] Paz, C. J., et al. (2003). Ang pag-aaral ng wika. U.P. Campus, Diliman, Quezon City 1101: The University of the Philippines Press.
- [15] Santiago, A.O. & Tianco, N.G. (2003). Makabagong balarialang Filipino (2nd ed.). Lungsod ng Maynila: Rex book Store, Inc.
- [16] Santos, L. K. (1944). Balarila ng wikang pambansa (2nd ed.). Lungsod ng Maynila: Kawanihan ng Palimbagan
- [17] Surigaonon. (2000). [online article]. Nakalap noong Agosto 28, 2003mula sa
- [18] <http://www.flow.com/languages/surigaonon.htm>.
- [19] Wardhaugh, R. (1992). Language, dialects and varieties: An introduction to sociolinguistic. 2nd Ed. USA: Blackarl, Oxford UK and Cambridge.
- [20] The texture lexicon: Understanding the categorization of visual texture terms and their relationship to texture images. Nakuha noong 2014/5/13 mula sa <http://www.csjarchive.Cogsci.rpi.edu>>main.